

Pantayong Pananaw Bilang Dulog sa Teolohiyang Pilipino¹

Mark Joseph P. Santos

Departamento ng Filipino, De La Salle University

School of Arts and Sciences, Philippine Women's University

mjpascuasantos@gmail.com

Abstrak

Matagal na panahong nangibabaw ang kolonyal at elitistang teolohiya sa Pilipinas. Ito ang teolohiya na Kanluranin kaya malayo sa reyalidad ng lipunang Pilipino, at nasa Ingles kaya hindi nauunawaan ng bayan. Dahil dito, malaking bahagi ng teolohiya bilang disiplina ang nanatiling walang saysay sa kontekstong Pilipino. Isa sa mga instrumentong maaaring maging lunas sa suliraning ito ay ang paggamit ng Pantayong Pananaw bilang dulog. Sa pamamagitan ng Pantayong Pananaw, mapapagyaman ng Teolohiyang Pilipino ang maraming aspekto nito bilang isang kilusang Pilipinisasyon. Ilan sa mga aspektong ito ay ang paglalapat ng mga panloob na dalumat, paggamit ng wikang Filipino, pagsasalin, at eksposisyon ng kaisipan ng mga Pilipinong teologo. Ang pagpapayabong ng mga aspektong ito ay malaking hakbang tungo sa pagbuo ng isang Teolohiyang Pilipinong tunay na may saysay sa lipunang Pilipino.

Susing Salita: Pantayong Pananaw, Teolohiyang Pilipino, kawalang-saysay, wikang Filipino, kolonyal at elitistang teolohiya

Abstract

Colonial and elitist theology have been dominating the Philippine theological landscape for a very long time. This is a kind of theology that is Western and thus alienated from the reality of Philippine society, and written in English and therefore cannot

¹ Nagsimula ang sanaysay na ito bilang isa sa apat na plenaryong lektura (kasama sina Zeus Salazar, Atoy Navarro at Michael Charleston “Xiao” Chua) na ibinahagi ng may-akda sa Pambansang Kumperensya ng Pananaliksik sa Araling Pilipino 2021, na may temang “Interdisiplinaryong Pananaliksik Gamit ang Pantayong Pananaw.” Magkatuwang itong inorganisa ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at Palawan State University noong Nobyembre 19-20, 2021.



be comprehended by the people. Because of this, a large part of theology as an academic discipline is still irrelevant to the Filipino context. One of the instruments that can serve as an antidote to this problem is the use of *Pantayong Pananaw* (From-Us-For-Us Perspective) as an approach. Through *Pantayong Pananaw, Teolohiyang Pilipino* (Filipino Theology) can enrich itself as a Filipinization movement in various aspects. Some of these aspects are the application of emic concepts, use of Filipino language, translation, and exposition of Filipino theologians' thought. The development of these aspects is a great leap forward toward the construction of a *Teolohiyang Pilipino* that is truly relevant to Filipino society.

Keywords: *Pantayong Pananaw, Teolohiyang Pilipino*, Filipinization, translation, exposition

PANIMULA

Ang Suliranin ng Kawalang-Saysay ng Teolohiya sa Pilipinas

Isa sa pinakamalaking hamon na kinakaharap ng teolohiya bilang disiplina sa Pilipinas ang suliranin ng kawalang-saysay.

Halos lahat ng mga akademikong disiplina sa Pilipinas ay galing sa Kanluran. Kaya naman sa mahabang panahon, naging kolektibong karamdaman ng ating mga akademiko sa iba't ibang larangan ang tahasang pangongopya mula sa akademya ng Kanluran. Hindi naiiba ang teolohiya sa isyung ito. Yamang galing ang teolohiya sa Kanluran, nakasanayan din ng maraming teologo at nagmamedyor sa teolohiya na humiram sa teolohiyang Kanluranin ng mga paksa, konsepto, pamamaraan, at pananaw para sa pagteteolohiya sa Pilipinas.

Sa hanay halimbawa ng mga Protestante/Ebanghelikal, marami sa mga paaralang teolohikal ay itinatag ng mga banyaga. Kaya naman sa maagang yugto ng mga paaralang ito, ang pamamahala ay nasa kamay ng mga banyagang misyonero.² Dulot nito, ang mga paksa at isyung pinoproblema sa Kanluran ay nadadala sa mga paaralang teolohikal sa Pilipinas. Marami rin sa mga teolohikal na aklat, teksbuk, at dyornal

² Rodrigo D. Tano, "Developing Filipino Leaders for Theological Schools", nasa *Theological Education in the Philippine Context*, pat., Lee Wanak (Manila: Philippine Association of Bible and Theological Schools at Mandaluyong: OMF Literature Inc., 1993), 83-84.

na ginagamit ng mga nagmemedyor sa teolohiya ay angkat mula sa Kanluran. Hindi kataka-taka kung gayon na ang pinakapamilyar na mga teologo sa maraming estudyante ng teolohiya ay mga Kanluranin (Augustine, Thomas Aquinas, Martin Luther, John Calvin, Karl Barth, Karl Rahner, Rudolf Bultmann, atbp). Idagdag pa rito ang reyalidad na maraming Pilipinong teologo ang kumuha ng gradwadong pag-aaral sa Kanluran, na minsan ay nagiging daan sa higit na popularisasyon sa Pilipinas ng ilang mga banyagang teolohikal na balangkas.

Sa isang banda, hindi naman puro suliranin ang dala ng mga reyalidad na ito (mga paaralang teolohikal na itinatag ng mga banyaga, mga babasahing angkat sa Kanluran, at gradwadong pag-aaral sa Kanluran). Siyempre ay hindi naman iiral ang teolohiya bilang disiplina sa Pilipinas kung hindi ito dinala ng mga banyaga rito sa pamamagitan ng pagtatag ng mga paaralang teolohikal. Yamang limitado pa noon ang produksyon ng mga babasahing teolohikal sa Pilipinas, likas lamang ang pangangailangan na mag-angkat ng mga akdang kinatha ng mga banyagang teologo. Ang pagdami ng mga guro't propesor sa teolohiya na may masterado/doktorado mula sa Kanluran ay nakatutulong din sa pagpapalago ng diskurso ng teolohiya sa Pilipinas.

Gayunman, dapat pa ring tanggapin na may dulot na seryosong suliranin ang mga salik na ito. Yamang sa Kanluran galing ang maraming paaralang teolohikal, mga babasahing materyales, at gradwadong pagsasanay, kalakip ng mga ito ang pagdagsa sa Pilipinas ng mga paksa, konsepto, pamamaraan, at pananaw na hindi tumutugma sa reyalidad at mga pangangailangan ng ating sariling lipunan. Suliranin ito sapagkat hindi unibersal ang mga nabanggit. Bawat paksa, konsepto, pamamaraan, at pananaw ay kontekstuwal. Ibig sabihin, nahuhulma ang mga ito batay sa mga pangangailangan ng lipunang nagluwal dito. Ang mga paksa, konsepto, pamamaraan, at pananaw na tugma sa isang lipunan ay hindi awtomatikong angkop na rin agad sa iba pang lipunan. Samakatuwid, hindi maaaring basta-basta angkatin sa Kanluran ang mga ito. Kailangan ng teolohiya sa Pilipinas na lumikha ng sarili nitong mga paksa, konsepto, pamamaraan, at pananaw na tumutugon sa sariling mga pangangailangan ng lipunang Pilipino.

Sa kasamaang palad, malawak pa rin ang suliranin ng pag-angkat sa Kanluran ng mga bagay na nabanggit hanggang sa kasalukuyan. At ang pinakaseryosong epekto ng reyalidad na ito ay ang suliranin ng kawalang-saysay. Tumutukoy ang suliraning ito sa kawalan ng kabuluhan ng malaking tipak ng teolohiya bilang disiplina

sa mas malawak na lipunang Pilipino. Walang kabuluhan sapagkat ang pinoproblema ng teolohiya sa Pilipinas ay mga suliranin ng lipunang Karluranin, sa halip na mga suliranin ng lipunang Pilipino.

Halimbawa, sa *social media*, kung saan nagaganap ang ilang 'di pormal na talastasan ukol sa teolohiya, madalas kang makakatunghay ng grupo ng mga Pilipinong Kristiyano na nag-oorganisa ng hindi matapos-tapos na debate ukol sa Calvinismo at Arminianismo. Siyempre ay mahalaga naman talaga ang paksa, at may espesyal na lugar ito sa sistematikong teolohiya. Gayunman, kailangan nating matuto na pagibahin ang mahalaga ngunit 'di kagyat sa mahalaga at kagyat. Maaaring mahalaga ang isang paksa, ngunit hindi ito kagyat (*urgent*) sa isang partikular na lipunan. Sa palagay ko ay sa kategoryang ito maihahanay ang debate ukol sa Calvinismo at Arminianismo. Walang teologong magsasabing hindi ito mahalaga. Malaki ang epekto nito sa kung paano isinasaayos ng isang teologo ang kanyang sistematikong teolohiya. Ngunit maigigiit ding hindi ito kagyat sa kasalukuyang kontekstong Pilipino. Ani nga Catalino Arevalo, kailangan natin ng *theology of the signs of the times*. Tumutukoy ito sa pagteteolohiya batay sa nagaganap sa kasalukuyang lipunang ating kinalalagyan, bilang pagbasa sa pagkilos ng Diyos sa kasaysayan ng sangkatauhan.³ Bagaman mahalaga ang debate ukol sa Calvinismo at Arminianismo, at iba pang katulad nitong paksa, ilang daang taon na itong pinagtatalunan ng mga teologo sa agos ng kasaysayan ng Kristiyanismo. May mga mas napapanahong isyu sa kasalukuyang lipunang Pilipino na 'di hamak na mas kagyat, at ito ang mas dapat na pagbuhusan ng teolohikal na enerhiya ng mga Pilipinong teologo't nagmemedyor sa kasaysayan. Ilang halimbawa ng mga napapanahong isyung ito ang usapin ng kahirapan, korapsyon, disimpormasyon, pampublikong kalusugan, kasarian, kalikasan, neokolonyalismo, karahasan ng estado, at iba pa.

Pantayong Pananaw bilang Lunas sa Kawalang-Saysay ng Teolohiya sa Pilipinas

³ Catalino Arevalo, "On the Theology of the Signs of the Times", *Landas* Vol. 25 (2011): 11-12.

Marami-rami na rin ang iniunlad ng teolohiya sa Pilipinas mula nang sumidhi ang Pilipinisasyon o pagsasakatutubo nito bilang larangan noong 1970's.⁴ Isang testamento nito ang pagkakalimbag ng aklat na *The Rise of Filipino Theology*,⁵ na bumabaybay sa ilang dekadang pagpupunyagi ng mga teologo sa Pilipinas. Sa aklat na ito ay mayroong isinagawang pagbubuo sa kapantasan ng 36 na mga teologong nagtataguyod ng Teolohiyang Pilipino.⁶ Marami ring akda sa Pilipinas ang naisulat na nagbigay ng teolohikal na repleksyon sa samu't saring napapanahong isyu. Mayroong nagsagawa ng pagteteolohiya ukol sa migrasyon at globalisasyon,⁷ kahirapan,⁸ katarungang panlipunan,⁹ mga

⁴ Ayon kay Mary Jane Rodriguez-Tatel, ang Pilipinisasyon ay proseso ng "paglaya at pagpapalaya mula sa dominasyon ng Kanluraning teorya/paradaym at metodolohiya" tungo sa pagbubuo ng isang "nagsasariling talastasang Pilipino/talastasang bayan sa pamantasan" ("Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Muhon ng Kilusang Pilipinisasyon sa Akademya [Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino]," nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, pat. Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel at Vicente C. Villan, Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2015).

⁵ Dindo Rei M. Tesoro at Joselito Alviar Jose, *The Rise of Filipino Theology* (Pasay City: Paulines Publishing House, 2004).

⁶ Isang kapuna-puna lamang marahil dito ay ang kawalan ng representasyon ng mga babaeng teologo. Wala halimbawa rito si Melba Padilla Maggay, isa sa mga prominenteng babaeng teologo sa tradisyong Ebanghelikal, na maraming nailimbag na akda ukol sa Teolohiyang Pilipino bago pa man mailathala ang *The Rise of Filipino Theology*.

⁷ Fabio Baggio at Agnes M. Brazal, mga pat., *Faith on the Move: Toward a Theology of Migration in Asia* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2008); Charles R. Ringma, Karen Hollenbeck-Wuest at Athena O. Gorospe, mga pat., *God at the Borders: Globalization, Migration and Diaspora* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2015); Melba Padilla Maggay, *Living Faithfully in a Multicultural World* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., 2018).

⁸ Lee Wanak, pat., *The Church and Poverty in Asia* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2008).

⁹ Edicio de la Torre, *Touching Ground, Taking Root: Theological and Political Reflections on the Philippine Struggle* (Quezon City: Socio-Pastoral Institute, 1986); Douglas Elwood, pat., *Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon* (Quezon City: New Day Publishers, 1988); at Melba Padilla Maggay, *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics* (Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2004).

sakuna,¹⁰ kalikasan,¹¹ depresyon,¹² sekswalidad,¹³ inter-relihiyosong dialogo,¹⁴ suliranin sa Mindanao,¹⁵ Batas Militar,¹⁶ at marami pang iba.

Sa kabila nito, patuloy pa ring nakikibaka ang Teolohiyang Pilipino sa suliranin ng kawalang-saysay. Nais kong igiit na isa sa mga instrumentong maaaring magamit ng Teolohiyang Pilipino bilang lunas sa kawalang-saysay ay ang Pantayong Pananaw. Samu't sari ang pagpapakahulugan at paglalarawan ng iba't ibang akademiko sa Pantayong Pananaw. Maaaring bigyang-pakahulugan ang Pantayong Pananaw sa tatlong magkakaibang aspekto.¹⁷

(1) Bilang kultural na reyalidad, tumutukoy ang Pantayong Pananaw sa pagkakaroon ng papaloob na talastasang bayan ng isang kabihasanan, ibig sabihin, nagtatalastasan ang mga kasapi ng isang lipunan gamit ang iisang wika-at-kalinangan.

(2) Bilang eskwela ng kaisipan, tumutukoy ang Pantayong Pananaw sa diskursong kinapapalooban ng mga akademikong may

¹⁰ Charles R. Ringma, Karen Hollenbeck-Wuest at Athena O. Gorospe, mga pat., *Why, O God? Disaster, Resiliency, and the People of God* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2017).

¹¹ Timoteo D. Gener at Adonis Abelard Gorospe, mga pat., *The Earth is the Lord's: Reflections on Stewardship in the Asian Context* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2008).

¹² Rico Villanueva, *Lord, I'm Depressed: The Lament Psalms & Depression* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., 2019).

¹³ Agnes M. Brazal at Andrea Lizares Si, mga pat., *Body and Sexuality: Theological-Pastoral Perspectives of Women in Asia* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2007).

¹⁴ Leonardo N. Mercado, *Dialogue and Faith: A Philippine View* (Manila: Logos Publications, Inc., 2009); at Asian Theological Seminary, *Naming the Unknown God* (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2006).

¹⁵ Melba Padilla Maggay, Rey B. Corpuz, at Miriam Adeney, *Raja Sulaiman was no Carabao: Understanding the Muslim Question* (Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2001).

¹⁶ Melba Padilla Maggay, pat., *To Be in History: Dark Days of Authoritarianism* (Carlisle, UK: Langham Global Library, 2019).

¹⁷ Ang unang dalawang pagpapakahulugan ay nakasandig sa paglalarawang ibinigay ni Ramon Guillermo sa Pantayong Pananaw, na nasa "Exposition, Critique, and New Directions for Pantayong Pananaw," *Kyoto Review of Southeast Asia* 3 (March 2003).

ilang pagkakahawig sa pananaw, na kadalasang kritikal sa kolonyal na pag-aaral ng lipunan at kulturang Pilipino.

(3) Bilang pananaw, tumutukoy ang Pantayong Pananaw sa isang makabayang pananaw sa pag-aaral ng kasaysayan, kalinangan, at lipunang Pilipino, kung saan ang saysay ng pag-aaral ay para mismo sa mga Pilipino. Yamang isa itong pananaw, maaaring gamitin ang Pantayong Pananaw bilang dulog sa iba't ibang disiplina na nakatuon sa kasaysayan, kalinangan, at lipunang Pilipino.

Ang historyador na si Zeus Salazar ang nagpasimula ng Pantayong Pananaw. Para sa mga tagapagtaguyod ng Pantayong Pananaw, maiuugat ang pagsisimula nito sa artikulo ni Salazar noong 1970 na “Ang Pagtuturo ng Kasaysayan sa Pilipino”, kung saan unang dinalumat ni Salazar ang salungatan sa pagitan ng “kami” at “tayo” bilang mga pananaw sa kasaysayan.¹⁸ Galing ang salitang “pantayo” sa pinagsamang unlaping “pang/pam” at panghalip panaong “tayo.” Ani Guillermo, sa halip na payak na “*we perspective*”, mas angkop na isalin ang Pantayong Pananaw sa Ingles bilang “*from-us-for-us perspective*.”¹⁹ Papaloob sa bansa ang direksyon ng saysay ng Pantayong Pananaw. Tumutukoy ang “tayo” ng “pantayo” sa mga Pilipino, kung saan nanggagaling ang mananaliksik bilang tagapag-ulat ng kanyang pag-aaral ukol sa Pilipinas, at dito rin nakapaloob ang mga kapwa Pilipino na kanyang pinag-uulatan. Sa ibang salita, sa Pantayong Pananaw, ang kapakinabangan ng pag-aaral ng mananaliksik ukol sa Pilipinas ay para mismo sa mga Pilipino, na silang pinanggagalingan ng kanyang datos. Kritikal na tugon ang Pantayong Pananaw sa pangkaming pananaw. Taliwas sa inklusibong “tayo”, kung saan iisa ng pinagmumulang pook ang tagapag-ulat at inuulatan (mga Pilipino), eksklusibong tumutukoy ang “kami” sa tagapag-ulat, habang ang kanyang pinag-uulatan ay kabilang sa banyagang pook (hal. mga Amerikano). Ibig sabihin, habang ang Pantayong Pananaw ay papaloob, ang pangkaming

¹⁸ Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan, “Pambungad ng mga Patnugot”, nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan. Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, pat. Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel at Vicente C. Villan (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2015), 1.

¹⁹ Guillermo, “Exposition, Critique, and New Directions for Pantayong Pananaw.”

pananaw ay papalabas: ang saysay ng pag-aaral ng mananaliksik ukol sa Pilipinas ay para sa mga banyaga.²⁰

Bagaman mga historyador ang tagapagtatag at karamihan sa kasalukuyang mga tagapagtaguyod ng Pantayong Pananaw, hindi ito limitado sa disiplina ng kasaysayan. Yamang isa itong pananaw sa pag-aaral ng malawak na reyalidad ng kasaysayan, kalinangan, at lipunang Pilipino, maaari itong magamit bilang dulog ng iba't ibang disiplina, lalo na yaong mga nakatuon din sa pag-aaral ng Pilipinas. Sa katunayan, nailapat na ang Pantayong Pananaw sa panitikan,²¹ gayundin sa sikolohiya.²² Kung gayon, maaari ring gamitin ang Pantayong Pananaw bilang dulog sa Teolohiyang Pilipino.

Ang tradisyunal na pagteteolohiya sa Pilipinas ay madalas na nakatuon lamang sa sistematikong teolohiya at biblikal na teolohiya. Bagaman napakahalaga ng dalawang ito, kailangan din sa Pilipinas ng kontekstuwal na teolohiya. Ito ay teolohiya na hindi lamang nakatuon sa pag-aaral ng Diyos at Biblia, kundi isinasaalang-alang din ang kontekstong Pilipino. Nakasandig ito sa paninindigan na walang pag-aaral sa Diyos at Biblia (o teolohiya sa kabuuan) na nakalutang at walang kinakapitang konteksto/kultura.²³ At yamang nakapaloob sa kontekstong Pilipino, kapwa ang teologo/nagmamedyor sa teolohiya at ang mga tagapakinig ng kanilang pagteteolohiya, nararapat lamang na pagtagpuin ng teologo/nagmamedyor sa teolohiya ang Diyos/Biblia at kontekstong Pilipino. Mahalagang mapagtagpo ang dalawang ito upang makabuo ang mga teologo/nagmamedyor sa teolohiya ng isang teolohiyang may saysay sa lipunang Pilipino. Sa aking palagay, isa sa mga paraan upang mas epektibong mapagtagpo ang dalawa ay

²⁰ Ramon Guillermo, *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2009), 14.

²¹ Gundelina Velazco, "Ang Hermeneutika ng Damdamin sa Pantayong Pananaw ng Pag-iisip na Bukal," *Malay* Tomo 12, Blg. 1 (1994): 111-130.

²² Zeus A. Salazar, pat., *Sikolohiyang Panlipunan-at-Kalinangan: Panimulang Pagbabalangkas ng Isang Larangan* (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2004).

²³ Para sa komprehensibong pagtalakay sa pagiging kontekstuwal ng lahat ng teolohiya, tingnan ang klasikong akdang Stephen B. Bevans, *Models of Contextual Theology*, Revised and Expanded Edition, Faith and Cultures Series (Manila: Logos Publications Inc., 2003).

sa pamamagitan ng paggamit ng Pantayong Pananaw sa Teolohiyang Pilipino.

Maraming aspekto ng Teolohiyang Pilipino ang mas mapapaginam kung gagamitin ang Pantayong Pananaw bilang dulog dito. Sa pamamagitan ng Pantayong Pananaw, higit na mapapaunlad ng Teolohiyang Pilipino ang paglalapat ng mga panloob na dalumat, paggamit ng wikang Filipino, pagsasalin, at eksposisyon ng kaisipan ng mga Pilipinong teologo. Karapat-dapat na paglaanan ng sapat na espasyo ang bawat isa sa mga ito.

Paglalapat ng mga Panloob na Dalumat

Ang Pilipinisasyon o pagsasakatutubo ng anumang disiplina ay maaaring isagawa sa dalawang antas: teorya at wika. Mapapaunlad ang una sa pamamagitan ng paglalapat sa pananaliksik ng mga panloob na dalumat/konsepto, habang ang ikalawa naman ay sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino. Parehong pinapahalagahan ng Pantayong Pananaw ang dalawang antas na ito ng Pilipinisasyon. Ipaliliwanag natin ang halaga ng wikang Filipino sa Pantayong Pananaw sa susunod na seksyon. Ang pagtutuunan muna ng pansin sa bahaging ito ay ang diin ng Pantayong Pananaw sa paggamit ng mga panloob na dalumat, at ang implikasyon nito sa Teolohiyang Pilipino.

Sa antropolohiya, mayroong dalawang uri ng pag-aaral ng kultura ng isang partikular na komunidad: etiko at emiko. Nilikha ang terminong ito ng Amerikanong lingguwista at antropologong si Kenneth Lee Pike, at una niyang ginamit noong 1954.²⁴ Sa pagpapakahulugan ni Pike, ang etikong lapit ay tumutukoy sa pag-aaral ng isang kultura gamit ang isang banyaga/panlabas na pananaw. Sa kabaliktaran, tumutukoy naman ang emikong lapit sa pag-aaral ng isang kultura gamit ang isang katutubo/panloob na pananaw.²⁵ Sa etikong uri ng pananaliksik,

²⁴ Thomas N. Headland, "Introduction: A Dialogue Between Kenneth Pike and Marvin Harris on Emics and Etics", nasa *Emics and Etics: The Insider/Outsider Debate*, *Frontiers of Anthropology Volume 7*, mga pat., Thomas N. Headland, Kenneth L. Pike, at Marvin Harris (Newbury Park: Sage Publications, 1990), 15.

²⁵ James L. Olive, "Reflecting on the Tensions Between Emic and Etic Perspectives in Life History Research: Lessons Learned," *Forum: Qualitative Social Research* Vol. 15, No. 2 (May 2014).

ang mananaliksik ay tagalabas sa kulturang kanyang pinag-aaralan. Siya ay tagapagmasid lamang at hindi kalahok sa kulturang ito (hal. isang Amerikanong nag-aaral ng kalinangang Pilipino). Yamang siya ay tagalabas, ang ginagamit niyang mga konsepto sa pag-aaral ng kulturang ito ay galing din sa labas. Samantala, sa emikong uri ng pananaliksik, ang mananaliksik ay tagaloob sa kulturang kanyang pinag-aaralan. Hindi lamang siya tagamasid, bagkus ay aktuwal siyang kalahok ng komunidad na kanyang sinasaliksik (hal. isang Pilipinong nag-aaral ng kalinangang Pilipino). Dahil tagaloob siya, galing mismo sa loob ng kulturang sinasaliksik ang mga konseptong kanyang ginagamit sa pag-aaral.

Bago magpatuloy, kailangang salungguhitan na posibleng ang isang mananaliksik ay tagaloob sa kulturang kanyang pinag-aaralan, ngunit etikong lapit ang ginagamit niya sa pananaliksik. Laganap ito halimbawa sa Pilipinas. Yamang matagal na napasa-Kanluran (*Westernized*) ang kamalayan ng mga Pilipinong akademiko, kahit na sila ay kalahok sa kulturang Pilipino, ang kanilang ginagamit sa pananaliksik nito ay mga Kanluraning konsepto.

Sa kaso ng Pantayong Pananaw, mayroon itong likas na pagkiling sa emiko kaysa etikong pananaliksik. Nakasandig ito sa likas na ugnayan ng dalumat-wika-kultura-kasaysayan.²⁶ Bawat konsepto/dalumat ay kinakatawan ng wika. Walang dalumat na hindi kinakatawan ng wika (hindi natin kayang maghiraya/*imagine* at maglahad ng anumang dalumat na hindi kinakatawan ng mga salita). Bawat wika naman ay repleksyon ng kulturang kinapapalooban nito, dahil wika ang impukan-kuhanan ng totalidad ng kaalaman na nakapaloob sa isang kultura.²⁷ Naglalaman lamang ang wika ng mga bagay na umiiral sa mismong kultura. Kung wala sa wika ang isang dalumat, malamang ito ay dahil hindi rin ito umiiral sa mismong kultura. Halimbawa, walang katumbas ang Ingles na *virginity* sa Filipino (liban lamang sa transliterado/hiram na salitang “birhen”). Hindi ito nakapagtataka. Hindi umiiral ang

²⁶ Para sa aking mas detalyadong paliwanag sa ugnayang ito, tingnan ang Mark Joseph P. Santos, “Ginhawa, Hanapbuhay, Himagsikan: Tungo sa Isang Pilipinong Pagdadalumat ng Katarungang Panlipunan/ Katuwirang Bayan,” *Tala* Vol. 3, No. 1 (June 2020): 58-79.

²⁷ Zeus A. Salazar, “Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino,” in *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, eds. Pamela C. Constantino and Monico M. Atienza (Quezon City: University of the Philippines Press, 1996), 19.

dalumat na ito sa kamalayan ng mga sinaunang Pilipino, dahil ayon kay Mary Dorothy Jose, para sa ating mga ninuno, “*fertility instead of virginity was given importance.*”²⁸ Ang kultura naman ay nabubuo batay sa karanasang pangkasaysayan ng isang grupo ng mga tao. Magkakaiba ang kultura ng iba’t ibang komunidad dahil magkakaiba sila ng kasaysayan. Ito rin ang dahilan kung bakit bawat kultura ay may magkakaibang wika at dalumat. Balik sa halimbawa ng *virginity*, wala ang dalumat na ito sa wika at kultura ng mga sinaunang Pilipino, dahil iba ang karanasang pangkasaysayan nila sa kasarian kung ikukumpara sa karanasang pangkasaysayan ng mga Kanluranin. Isa pang payak na halimbawa ang salitang Ingles na *snow*. Muli, wala itong katumbas na salin sa wikang Filipino. Ang mayroon lamang tayo ay ang salitang “nyebe”, na transliterado lamang mula sa salitang Espanyol na *nieve*. Hindi umiiral ang dalumat ng *snow/nieve* sa wikang Filipino, dahil wala ito sa ating kultura. At siyempre, natural lamang na wala ito sa ating kultura dahil wala namang taglamig/*winter* sa Pilipinas. Ang kawalan ng mga Pilipino ng karanasan (kasaysayan) sa *snow/nieve* ang dahilan kung bakit hindi rin ito umiiral sa ating kultura, wika, at dalumat.

Sa madaling salita, bawat dalumat ay espesipiko sa kulturang kinapapalooban nito. At yamang bunga ang isang dalumat ng kulturang nagluwal sa kanya, hindi ito basta-basta maaaring angkatin patungo sa ibang kultura upang gamitin sa pag-aaral ng kulturang ito. Ito ang pangunahing dahilan kung bakit pinaprayoridad ng Pantayong Pananaw ang paggamit ng emiko sa halip na etikong lapit sa pananaliksik. Kung gagamitin ang isang banyagang dalumat sa isang kultura, maaaring may bitbit itong mga bagahe mula sa pinagmulang kultura na hindi lapat/angkop sa pinag-aaralang kultura. Sa ganang ito, mayroong panganib na sa halip na makapagpalinaw ng pag-unawa sa kulturang pinag-aaralan, baka makadagdag pa ang mga banyagang dalumat sa pagpapalabo ng inuunawang kalinangan.

Kaya may paninindigan ang Pantayong Pananaw na kung pag-aaralan ang kulturang Pilipino, mainam na ang bigyang-prayoridad ay ang paglalapat ng mga dalumat na mula mismo sa loob ng Pilipinas. Makikita ito sa mga pananaliksik na naisulat ng mga tagapagtaguyod ng Pantayong Pananaw. Sa kaso ni Salazar, ginamit niya ang Pilipinong

²⁸ Mary Dorothy dL. Jose, “Women Heroism in Philippine History”, *Historical Bulletin* Vol. 38 (2005), 57.

dalumat ng “himagsikan,” sa halip na Kanluraning konsepto ng rebolusyon/*revolution/revolucion* upang unawain ang paglaban ng mga Katipunero sa kolonyalismong Espanyol.²⁹ Para naman sa pag-aaral ng teknikang militar ni Andres Bonifacio, ginamit niya ang “ilihan”, sa halip na kung anu-anong teoryang militar mula sa Kanluran.³⁰ Ganito rin ang nakasanayan sa pananaliksik ng iba pang gumagamit ng Pantayong Pananaw. Sa pananaliksik ukol sa pangangibang-bayan ng mga Pilipino, ang ginamit nina Vicente Villan at Kristoffer Esquejo sa kanilang pinatnugutang aklat ay “pangangayaw”, sa halip na mga konseptong kadalasang ginagamit sa Kanluran sa kanilang pagteteorya ukol sa migrasyon.³¹ Nang suriin ni Carmen Peñalosa ang burukratikong korapsyon sa konteksto ng pampublikong administrasyon, ang ginamit niyang dalumat ay ang “kaginhawaang bayan.”³² Maging sa larangan ng etika ng pananaliksik pangkalusugan ay nagawang maglapat ng panloob na dalumat: nang saliksikin ni Atoy Navarro ang larangang ito, gumamit siya ang dalumat ng “kapwa.”³³ Napakarami pang akda ang maaaring sipiin sa puntong ito, ngunit sa aking palagay ay sapat na ang mga nabanggit upang ipakita ang mataas na pagpapahalaga ng Pantayong Pananaw sa paggamit ng mga panloob na dalumat sa pananaliksik.

²⁹ Zeus A. Salazar, *Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa*, Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, Lathalain Blg. 5 (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1999).

³⁰ Zeus A. Salazar, *Ang ‘Real’ ni Bonifacio bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, Lathalain Blg. 1 (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1997).

³¹ Vicente C. Villan at Kristoffer R. Esquejo, mga pat., *Pangangayaw: Ang Pangangibang-Bayan at Paghahanap ng Ginhawa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino* (Quezon City: ADHIKA ng Pilipinas Inc., 2021).

³² Ma. Carmen V. Peñalosa, “The Origins and Rise of Philippine Political Corruption: On the Diversion of *Kaginhawaang Bayan* by the Elite during the Spanish and American Regimes and its Lasting Impact on Philippine Politics and Administration,” *Historical Bulletin* Volume 51 (2017): 93-137.

³³ Atoy M. Navarro, “Pagpopook sa Pakikipagkapwa ng Etika ng Pananaliksik Pangkalusugan sa Pilipinas,” nasa *Social Sciences, Health, and Ethics: Papers Celebrating Cristina E. Torres*, mga pat., Mary Dorothy dL. Jose, Atoy M. Navarro, at Jerome A. Ong, 109-126 (Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines-Manila, 2019).

Napakalaki ng magiging pakinabang ng Teolohiyang Pilipino sa aspektong ito kung gagamit ito ng Pantayong Pananaw bilang dulog sa pananaliksik. Kung tutuusin, umiiral naman na talaga ang paggamit ng mga panloob na dalumat sa Teolohiyang Pilipino. Nariyan ang paggamit ni Rico Villanueva ng dalumat ng “tampo” sa pagtalakay sa Kristolohiya sa harap ng samu’t saring sakunang tumatama sa Pilipinas.³⁴ Sa kanyang teolohikal na repleksyon sa EDSA People Power I o EDSA Uno, pinagtambal ni Francisco Claver ang “lakas” at “awa” upang maghain ng daan tungo sa mapayapang pakikibaka tungo sa pagbabagong panlipunan.³⁵ Sa akda naman ni Narry Santos, ginamit niya ang dalumat ng “hiya” bilang susing-konsepto sa kanyang interpretasyon sa Ebanghelyo ni Marcos.³⁶

Sa aking pananaw, ang may pinakamaunlad at pinakaeleganteng teoretisasyon sa isang panloob na dalumat sa konteksto ng Teolohiyang Pilipino sa kasalukuyan ay ang aklat na *Ang Maganda sa Teolohiya*.³⁷ Mahusay na dinalumat ng mga may-akda ang konsepto ng “maganda”, pagkatapos ay tsaka ito inilapat sa iba’t ibang sangay ng sistematikong teolohiya gaya ng Kristolohiya/soteriolohiya, eklesiolohiya, at eskatolohiya. Maaaring sundan ng ibang teologo ang pag-aaral na ito, at humanap pa ng ibang sangay ng sistematikong teolohiya kung saan maaaring gamitin ang maganda bilang dalumat. Ang pangunahing utak sa likod ng naturang akda ay si Jose de Mesa, na sa wari ko ay isa sa pinakaorihinal mag-isip na teologong naiprodyus ng ating bansa. Sa hanay ng mga teologong Pilipino, walang duda na si de Mesa ang

³⁴ Rico Villanueva, “My God, My God, Why Have You Forsaken Me? ‘Christology Amid Disasters”, nasa *Christologies, Cultures, and Religions: Portraits of Christ in the Philippines*, mga pat., Pascal D. Bazzell at Aldrin Peñamora, 78-86 (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asia Theological Association, 2016),

³⁵ Francisco F. Claver, “People Power and Value Transformation: A Faith Perspective”, nasa *Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon*, pat., Douglas Elwood, 49-61 (Quezon City: New Day Publishers, 1988).

³⁶ Narry F. Santos, *Turning Shame into Honor: Transformation of the Filipino HIYA in the Light of Mark’s Gospel* (Philippines: LifeChange Publishing, Inc., 2003).

³⁷ Jose M. De Mesa, Estela P. Padilla, Levy L. Lanaria, Rebecca C. Cacho, Yuri D. Cipriano, George N. Capaque, at Timoteo D. Gener, *Ang Maganda sa Teolohiya* (Quezon City: Claretian Communications Foundation, 2017).

pinakaumaatupag sa gawain ng pagteteolohiya gamit ang mga panloob na dalumat.

Sa kabila ng ganitong umiiral nang praktis ng Teolohiyang Pilipino, higit pang uunlad ang paggamit ng mga teologong Pilipino sa mga panloob na dalumat kung gagamitin bilang dulog ang Pantayong Pananaw. Malaki ang magiging kapakinabangan sa mga teologo kung babasahin nila ang mga naiprodyus na akda ng mga nagtataguyod ng Pantayong Pananaw ukol sa samu't saring Pilipinong dalumat, tulad ng bayan, loob, ginhawa, pangangayaw, himagsikan, kapwa, hiya, ligaya, kapatiran, at marami pang iba. Hindi lamang ang mga resulta ng pag-aaral ukol sa mga dalumat na ito ang maaaring mapakinabangan ng mga teologo sa mga nasa panig ng Pantayong Pananaw. Magiging instruktibo rin sa kanila ang obserbasyon kung paano aktuwal na isinasagawa ng mga proponente ng Pantayong Pananaw ang pagdadalumat sa mga konseptong ito sa kanilang mga akda. Ang adaptasyon ng Pantayong Pananaw bilang dulog ay makatutulong sa mga teologo na mainternalisa ang paggamit ng mga panloob na dalumat. Ibig sabihin, hindi na magiging aksidental na lamang ang paggamit nila ng mga panloob na dalumat (batay sa tawag ng pangangailangan), kundi magiging malay, sadya, habitwal, at likas na bahagi na ito ng kanilang metodong teolohikal.

Ang paggamit ng mga panloob na dalumat sa Teolohiyang Pilipino ay makakabawas ng kawalang-saysay ng teolohiya sa Pilipinas. Isa kasi sa mga dahilan ng kawalang-saysay ng teolohiya ang paglalapat ng mga panlabas na dalumat. Yamang panlabas ang mga dalumat na madalas ginagamit sa tradisyunal na teolohiya, sa maraming pagkakataon ay hindi nila tunay na naipaliliwanag ang kalagayan ng lipunang Pilipino. Sa halip ay banyagang reyalidad ang nasasalamin ng mga panlabas na konseptong ito.

Gayunman, sa kabila ng mataas na pagpapahalaga sa mga panloob na dalumat, dapat linawin na hindi naman ito nangangahulugan na awtomatikong wala nang saysay sa Teolohiyang Pilipino ang mga panlabas na konsepto. Kailangan pa rin namang matuto ng Teolohiyang Pilipino mula sa teolohikal na karanasan ng ibang mga bansa. Ibig sabihin, maaari naman tayong manghiram ng mga panlabas na konsepto. Ngunit sa paghalaw ng mga banyagang konsepto, kailangan nating laging tandaan ang payo ng ama ng Pantayong Pananaw: magkaroon

ng “matalino’t mahinahong panghihiram.”³⁸ Ibig sabihin, hindi dapat padalos-dalos sa panghihiram. Dulot ng matagal na pagkabihag sa Kanluraning akademya, may tendensya kasi tayong mga Pilipinong akademiko na mabighani agad sa mga banyagang konsepto. Kapag sikat ang isang konsepto sa Kanluran, tila ba masarap itong banggitin o sipiin, dahil bubuo ito ng impresyon sa isip ng ibang tao na mahusay tayo (kahit na sa mga sekondaryang babasahin lang naman natin nabasa ang mga konseptong ito at hindi sa aktuwal na mga palaisip na orihinal na nagteorya sa mga ito). Isa pa, tila mabilis kumiliti ng utak ang paggamit ng mga banyagang konsepto na sikat sa Kanluran, dahil sa pagiging kumplikado ng mga ito sa aspektong teoretikal.

Mainam na babala ang “matalino’t mahinahong panghihiram” ni Salazar laban sa ganitong padalos-dalos na paggamit ng mga panlabas na konsepto (dahil lamang sikat ito o nakakakiliti ng intelektuwalidad). Sa Pantayong Pananaw, saysay ang pinakapinagbabatayan ng anumang panghihiram. Hihiram lamang tayo ng panlabas na konsepto, kapag ang konseptong ito ay kapaki-pakinabang para mas maunawaan ang lipunang Pilipino. Sa pamamagitan ng adapasyon ng Pantayong Pananaw bilang dulog, mas magiging maingat ang Teolohiyang Pilipino sa gawaing ito ng panghihiram. Sa tuwing manghihiram, mainam na itanong ng teologo’t mag-aaral ng teolohiya ang mga sumusunod na katanungan: Makatutulong ba ang panlabas na konseptong ito sa gawain ng higit na pagtatagpo ng Diyos/Biblia at kontekstong Pilipino? Mapauunlad ba nito ang pag-unawa ng mga Pilipino sa Diyos/Biblia alinsunod sa pangangailangan ng mga Pilipino?

Paggamit ng Wikang Filipino

Sa naunang seksyon, nabanggit na ang Pilipinisasyon ay may dalawang antas: teorya at wika. Tulad rin ng nabanggit na, parehong mahalaga ang dalawang ito sa Pantayong Pananaw. Sa isang banda, maaaring mangyari na Pilipinisado na ang wika, ngunit banyaga pa rin ang teorya sa isang disiplina. Hindi maaaring wika lang ang Pilipinisado, yamang nakita natin na ang labis na paggamit ng mga banyagang

³⁸ Zeus A. Salazar, “Ang Pagtuturo ng Kasaysayan sa Pilipino”, nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, mga pat., Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997), 29.

konsepto ay maaaring makapagpalala sa pagiging walang-saysay ng teolohiya. Sa kabilang banda, maaari rin naman na Pilipinisado na ang teorya, pero banyaga pa rin ang wika. Malaking suliranin din ito. Sa bahaging ito ay mainam na talakayin kung bakit “*big deal*” ang paggamit ng wikang Filipino sa Pantayong Pananaw, at ano ang kinalaman nito sa Teolohiyang Pilipino.

Isang suliranin na pangunahing nais lunasan ng Pantayong Pananaw ay ang Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan. Sa payak na paliwanag, tumutukoy ito sa pagkakahati ng lipunang Pilipino sa dalawang magkaibang wika-at-kalinangan: ang *Nacion* at Bayan. Sa terminolohiya ni Salazar, ang *Nacion* ay tumutukoy sa mga Pilipinong napasa-Kanluran ang wika-at-kalinangan. Kadalasang sila ay mula sa nakaririwasang uri (itaas o gitnang uri), na dahil sa ekonomikong kalagayan ay may kakayahang mag-aral. Yamang kolonyal ang sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas, lalabas din sila dito na may kolonyal na kamalayan. Kabahagi rin nito ang kanilang pagkatuto ng wikang Ingles, na siyang tagapaglulan ng Kanluraning kalinangan. Samantala, ang Bayan naman ay tumutukoy sa mga Pilipinong nagtataglay ng katutubong kalinangan. Kadalasang mula sila sa mga nakabababang uri ng bahagdang panlipunan, at dahil dito ay hindi dumaan sa Kanluraning sistemang pang-edukasyon. Dahil dito, napapanatili nila ang kanilang orihinal na wikang Filipino o lokal na wika sa Pilipinas.

May dulot na in hustisya ang Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan sa lipunang Pilipino. Ang sistemang pang-edukasyong pinamana ng mga Amerikano ay kolonyal, kaya naman ang operasyon nito ay isinasagawa sa wikang Ingles. Ingles din ang wika ng pulitika sa Pilipinas, yamang ang ating pamahalaan ay hindi naman talaga tunay na kinatawan ng Bayan, kundi binubuo ng mga elit na nagmana ng kapangyarihang pulitikal mula sa kolonyalismong Amerikano. Ang komersyo ay nasa wikang Ingles din, yamang hawak ito ng mga negosyanteng elit. Problematiko ang ganitong sitwasyon. Nasa wikang Ingles ang sistemang pang-edukasyon, pulitika, at komersyo, na mga lunduyan ng kapangyarihan sa lipunang Pilipino, kaya ang may akses lamang dito ay ang *Nacion*. Sa kabilang dako, ang Bayan naman ay patuloy na marhinalisado sa ganitong sistema ng lipunan, na walang akses sa mga lunduyan ng kapangyarihan. Sa ganang ito, nakakasangkapan ang Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan (partikular ang

pamamayani ng wikang Ingles) upang patuloy na mamonopolisa ng mga elit ang kapangyarihang magpasya sa direksyon ng bansa.³⁹

Malaki ang implikasyon ng Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan sa teolohiya. Karamihan ng mga teologo at mga nagmemedyor sa teolohiya ay nakapaloob sa *Nacion*. Yamang dumaan sa Kanluraning sistemang pang-edukasyon, natuto silang magteolohiya sa wikang Ingles. Dahil dito, sila-sila lamang din ang nagkakaintindihan. Kanluranin na ang mga konseptong ginagamit nila, inilalahad pa nila ang mga ito sa wikang Ingles. Samakatuwid, hindi lang kolonyal ang tradisyunal na pagteteolohiya, bagkus ay elitista rin ito. Kaya hindi sila nauunawaan ng Bayan, at hindi rin nila nauunawaan ang pangangailangang teolohikal ng Bayan. Habang lumalalim ang edukasyong teolohikal ng teologo/mag-aaral ng teolohiya, lalo naman siyang napapahiyalay sa Bayan. Ang mga bunga ng kanyang pananaliksik sa teolohiya ay nagiging walang-saysay sa lipunang kanyang ginagalawan. Sa ganitong sitwasyon, patuloy na naisasagilid ang Bayan sa larangan ng teolohiya.

Sa aspektong ito papasok ang mahalagang papel na maaaring gampanan ng wikang Filipino. Ang paggamit ng wikang Filipino ay isang anyo ng demokratisasyon ng teolohiya. Kapag isina-Filipino ang teolohiya, ginagawa itong bukas sa Bayan, na bumubuo sa mayorya ng populasyong Pilipino. Sa ganang ito, ang teolohiya ay hindi na lamang pakikinabangan ng mga elit ng *Nacion*, na minorya lang sa lipunang Pilipino, kundi ito ay magkakaroon na ng saysay sa nakararami. At nararapat lang naman talaga ito. Ang teolohiya ay marapat na pinakikinabagan ng nakararaming pangkaraniwang tao, at hindi lang ng iilang makapangyarihan sa lipunan. At pakikinabangan lamang

³⁹ Para sa mas detalyadong talakayan ukol sa Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan, tingnan ang Zeus A. Salazar, "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan," nasa *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik*, mga pat., Violeta V. Bautista at Rogelia Pe-Pua, 46-72 (Maynila: Kalikasan Press, 1991).

nila ang teolohiya, kung ito ay nasa kanilang wika.⁴⁰ Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino, malulunasan ang suliranin ng Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan sa teolohiya, at dahil dito ay mabibigyan ng kapangyarihan ang Bayan. Kapag nangyari ito, hindi lamang sila magkakaroon ng oportunidad na pakinggan ang pagteteolohiya ng mga teologo/mag-aaral ng teolohiya, maaari na rin silang lumahok mismo sa proseso ng pagteteolohiya. Ang maibubunga nitong teolohiya ay hindi lamang teolohiyang mula sa loob (kontra-kolonyal), kundi isa ring teolohiyang mula sa baba (kontra-elit).⁴¹ Kaya naman gayon na lamang kasidhi ang panawagan ni Jose de Mesa para sa pagsasa-Filipino ng teolohiya sa Pilipinas:

Ang higit na nakararaming Pilipino sa ating bansa ay mahirap . . . Maraming palatandaan ang kaibahan ng katayuan ng mga maykaya sa mga mahihirap. Isa na rito ang gamit na wika. Sa pangkalahatan, masasabing Ingles ang salita ng mga nakaririwasa at mga nag-aastang mayaman at Filipino naman ang sa mga maralita . . . Kung Ingles pa rin ang ating tahanang teolohiko, napapanahon na para tayo ay lumipat ng tirahan – sa isang tahanang mas malapit sa nakararami nating kapwa Pilipino.⁴²

Sa kasamaang palad, patuloy pa rin ang dominasyon ng wikang Ingles sa Teolohiyang Pilipino hanggang sa kasalukuyan. Sa hanay ng mga kilusang Pilipinisasyon, ang Teolohiyang Pilipino ang isa sa

⁴⁰ Para sa mas detalyadong pagbibigay-katwiran sa paggamit ng bernakular/lokal na wika sa pagteteolohiya at ebanghelisasyon, tingnan ang Timoteo Gener, "I Heard a Voice Speaking... in the Hebrew Tongue: Pauline Insights on Mission and Vernacularizing the Faith," nasa *The Gospel in Culture: Contextualization Issues through Asian Eyes*, pat., Melba Padilla Maggay, 57-75 (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2013).

⁴¹ Para sa paglalarawan at pagbibigay-katwiran sa teolohiyang nagmumula sa komunidad ng mga pangkaraniwang tao, tingnan ang E. Acoba, "A Locus for Doing Theologies: Theological Stories at the Front Lines of Grassroots Missions Engagement," nasa *Doing Theology in the Philippines*, pat., John Suk, 24-36 (Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2005).

⁴² Jose M. de Mesa, *Mga Aral sa Daan: Dulong at Paraang Kultural sa Kristolohiya* (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2004), 19.

pinakakulelat pagdating sa pagsasa-Filipino sa antas ng wika (malayolayo sa tagumpay halimbawa ng Pantayong Pananaw at Sikolohiyang Pilipino, at medyo huli rin kung ikukumpara sa Pilosopiyang Pilipino). Tila napako lamang ang atensyon ng mga tagapagtaguyod ng Teolohiyang Pilipino sa Pilipinisasyon sa antas ng teorya sa pamamagitan ng paglalapat ng mga Pilipinong dalumat, ngunit hindi napagtuunan ng pansin ang Pilipinisasyon sa aspekto ng paggamit ng wikang Filipino.

Tingnan halimbawa ang kaso ni de Mesa. Isa siya sa pinakaabante pagdating sa paggamit ng Filipino sa larangan ng teolohiya. Sa katunayan, nakatanggap siya ng Gawad ng Pagkilala mula sa Filipino Commission of Languages noong 1991 dahil sa kanyang pagsusulong ng wikang Filipino sa teolohiya.⁴³ Gayunman, kung ikukumpara ang mga naisulat niya sa Filipino sa kanyang mga akda sa Ingles, 'di hamak na katiting lamang ang kanyang produksyon sa Filipino. Sa dalawampung (20) aklat na kanyang isinulat mula 1974 hanggang 2014, labinglima (15) ang nasa Ingles, may isang (1) salin sa Aleman, at apat (4) lamang ang nasa Filipino. Sa kanya namang kabuuang walumpu't apat (84) na artikulo, dadalawa (2) lamang ang nasa Filipino.⁴⁴ Kung si de Mesa na ang isa sa pinakaabante sa pagpi-Filipino sa teolohiya, gaano pa kaunti ang produksyon ng ibang teologong Pilipino sa wikang Filipino?

Lahat ng mga nagtitipon ng mga akda sa Teolohiyang Pilipino ay siguradong malay sa reyalidad na ito. Sa limampu't anim (56) na aklat ukol sa Teolohiyang Pilipino at Teolohiyang Asyano na mayroon ako sa personal na koleksyon, lilima (5) lamang ang nasa Filipino, habang ang nalalabing limampu't isa (51) ay nasa Ingles na.⁴⁵ Hindi lang limitado sa mga aklat ang suliraning ito. Maaaring mapagkamalian ko ito, ngunit sa abot-kaya ng aking paggagalugad, wala pa akong natatagpuan na kahit

⁴³ Nakasaad sa pagpapakilala sa may-akda sa likurang pabalat ng kanyang aklat na Jose M. de Mesa, *We Dare to Say, Our Father: Theology and Spirituality of the 1593 Version of the Ama Namin* (Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2019).

⁴⁴ Nakabatay ang pagbibilang na ito sa bibliograpiya ng kanyang mga akda na matatagpuan sa Jose M. de Mesa, *Jose M. de Mesa: A Theological Reader* (Manila: De La Salle University Publishing House, 2016), 529-535.

⁴⁵ Mark Joseph P. Santos, *19 Rebyu Kontra COVID-19: Kalipunan ng mga Panunuring-aklat sa Agham Panlipunan, Teolohiya, at Panitikan* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2021), 104.

isang akademikong dyornal sa teolohiya sa Pilipinas na nasa wikang Filipino. Tuloy, ang mga nagsusulat ng artikulo ukol sa Teolohiyang Pilipino na nasa wikang Filipino ay napipilitan na lamang na ilimbag ang kanilang sanaysay sa mga dyornal na hindi naman teolohikal. Halimbawa, may isang isyu ang dyornal na *Malay*, kung saan mayroong limang artikulo ukol sa Teolohiyang Pilipino ang inilimbag ng mga pantas tulad nina Andrew Gonzales,⁴⁶ Sabino Vengco,⁴⁷ Florentino Timbreza,⁴⁸ Moises Andrade,⁴⁹ at Virgilio Enriquez.⁵⁰ Hindi talaga nakatuon ang *Malay* sa teolohiya. Bilang isang dyornal, nakatutok ito sa samu't saring paksa sa Araling Pilipino. Sa *Philippine Journal of Linguistics* naman naligaw ang artikulo ni Bob Bonifacio na “Ang Pagtuturo ng Teolohiya sa Wikang Filipino”⁵¹ (naligaw dahil karamihan ng inililimbag dito ay Ingles; isa pa, kaya marahil nakapasok ang artikulong ito sa dyornal ay dahil sa tuon sa “Wikang Filipino”, hindi dahil sa “Teolohiya”). Ang ibig ko lamang sabihin dito, dahil sa kawalan ng kahit isang teolohikal na dyornal na nasa Filipino, kinakailangan pa ng mga manunulat na “makisingit” sa mga dyornal na wala namang kinalaman sa teolohiya para lamang mailimbag ang kanilang mga artikulong teolohikal na nasa Filipino. Ang iba namang mananaliksik, dahil nga sa kawalan ng teolohikal na dyornal sa Filipino, mas pinipili na lamang na tipunin ang kanilang mga artikulo at ilimbag bilang isang aklat.

Ang ganitong kalunos-lunos na sitwasyon ng wikang Filipino sa disiplina ng teolohiya ay makikita rin sa mga paaralang teolohikal, tulad ng mga eskwelahang pambiblia at mga seminaryo. Karamihan ng mga teksbuk na ginagamit sa mga paaralang teolohikal ay nasa wikang Ingles, ang mga ito man ay isinulat ng mga banyaga o mga Pilipino.

⁴⁶ Andrew Gonzales, “Pagninilay-nilay: Ano ang Teolohiyang Pilipino? Panimulang Pananalita”, *Malay* Vol. 5, No. 1 (1986): 1-2.

⁴⁷ Sabino A. Vengco, “Ang Teolohiyang Pilipino sa Kasalukuyan at sa Hinaharap”, *Malay* Vol. 5, No. 1 (1986): 7-14.

⁴⁸ Florentino T. Timbreza, “Pagsasakatutubo at ang Katutubong Teolohiya”, *Malay* Vol. 5, No. 1 (1986): 15-18.

⁴⁹ Moises B. Andrade, “Pananaliksik Tungo sa Teolohiyang Pilipino,” *Malay* Vol. 5, No. 1 (1986): 50-57.

⁵⁰ Virgilio Enriquez, “Ang Pagsasakatutubo ng Teolohiyang Pilipino,” *Malay* Vol. 5, No. 1 (1986): 58-69.

⁵¹ Bob Bonifacio, “Ang Pagtuturo ng Teolohiya sa Wikang Filipino”, *Philippine Journal of Linguistics* Vol. 19, No. 2 (December 1988): 95-101.

Karamihan sa mga paaralang teolohikal ay mayroon pa ring polisiya ng mandatoryong pagsulat ng mga tesis at disertasyon na nasa wikang Ingles. Mayorya ng mga guro sa mga paaralang ito, mas pinipili pa ring magturo sa kani-kanilang silid-aralan gamit ang wikang Ingles. Maging ang mga terminong papel at iba pang sulatin ng kanilang mga mag-aaral ay mandatoryo ring isulat sa Ingles. Kahit ang mga kumperensya na pinasisinayaan ng mga paaralang teolohikal ay kadalasang nasa Ingles din, mula sa presentasyon ng mga tagapagsalita hanggang sa malayang talakayan kasama ang mga kalahok. Dahil dito, patuloy ang mga paaralang teolohikal sa produksyon ng mga teologong mas sanay na magsagawa ng pagteteolohiya sa wikang Ingles.

Sa konsiderasyon ng mga suliraning ito sa wika makikita ang potensyal na implikasyon ng Pantayong Pananaw sa Teolohiyang Pilipino. Kapag mas maraming teologo ang naging malay at bukas sa kairalan at mga ipinaglalaman ng Pantayong Pananaw bilang isang eskwela ng kaisipan, mas lalakas ang panawagan sa Pilipinisasyon ng teolohiya, hindi lamang sa antas ng teorya bagkus ay maging sa antas ng wika.

Pagsasalin

Nauna na nating iginiit na bagaman mahalaga ang pagpaprayoridad sa paglalapat ng mga panloob na dalumat, hindi awtomatikong masama ang paggamit ng mga panlabas na dalumat, basta't isaalang-alang lamang ang prinsipyo ng “matalino't mahinahong panghihiram” ni Salazar. Sa kaso ng Pantayong Pananaw, isa sa kritikal na elemento ng “matalino't mahinahong panghihiram” na ito ang proyekto ng pagsasalin. Ang wika ang impukan-kuhanan ng totalidad ng kaalaman ng isang bayan. Ito ang lagakan ng ating kultura, na sumasalamin sa ating kamalayan bilang isang grupo ng mga tao. Ibig sabihin, kung mayroon tayong mga konseptong nais hiram mula sa ibang kalinangan, isa sa pinakaepektibong gawin ay ang isalin ang mga banyagang akda (na naglalaman ng mga konseptong nais hiram) patungo sa ating wika. Sa pamamagitan kasi ng pagsasalin ng mga akda mula sa mga banyagang wika tungo sa Filipino, naipapasok natin sa talastasan ng bayan ang mga konseptong inihahain sa mga akdang ito. Sa gayon, nabibigyan natin ng pagkakataon ang bayan mismo na magpasya kung tuluyan bang tatanggapin sa loob ng kontekstong

Pilipino ang mga konseptong ito, batay sa pangangailangan ng ating lipunan.

Ito ang dahilan kung bakit isa sa naging preokupasyon ni Salazar ang pagsasalin ng mga banyagang akda tungo sa wikang Filipino. Isinalin niya mula Aleman tungong Filipino ang ilang mga akda tulad ng *Ang Pagguho ng Troya* ni Walter Jens,⁵² *Manifesto ng Partido Komunista* ni Karl Marx at Friedrich Engels,⁵³ at isang kabanata ng *The Decline of the West* ni Oswald Spengler.⁵⁴ Magkatuwang nilang isinalin sa Filipino ni Proserpina Tapales ang akda ni Yoshihara Kunio na *Pag-unlad ng Ekonomiyang Hapones*.⁵⁵ Mayroon ding isang aklat si Salazar na kalipunan ng mga tula ng iba't ibang makata na isinalin niya sa Filipino mula sa iba't ibang wika.⁵⁶ Nilahukan din ng iba pang tagapagtaguyod ng Pantayong Pananaw ang proyekto ng pagsasalin, tulad halimbawa ng ginawang pagsasalin ni Atoy Navarro at Alvin Campomanes sa *The Aquino Papers* ni Ninoy Aquino mula sa Ingles tungong Filipino.⁵⁷

Sa kaso ng Teolohiyang Pilipino, hindi gaanong nabibigyan ng pansin ang proyekto ng pagsasalin. Kung paanong kakaunti ang mga akdang teolohikal na isinusulat sa wikang Filipino, lalong kakaunti sa Pilipinas ang mga banyagang akda na isinasalin tungo sa Filipino. Muli, sa limampu't anim (56) na aklat sa Teolohiyang Pilipino na mayroon ako sa aking sariling aklatan, dadalawa lamang ang salin mula sa ibang wika. Isa rito ay isang artikulo lamang, sanaysay ni Hugo Assmann ukol

⁵² Walter Jens, *Pagguho ng Troya*, salin ni Zeus Salazar (Maynila: Kalikasan Press, 1989).

⁵³ Karl Marx at Friedrich Engels, *Manifesto ng Partido Komunista*, salin ni Zeus A. Salazar (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2000).

⁵⁴ Oswald Spengler, "Ang Pag-aaral ng Kasaysayang Pandaigdig", salin ni Zeus A. Salazar, nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, pat., Zeus A. Salazar, 38-57 (Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974).

⁵⁵ Yoshihara Kunio, *Pag-unlad ng Ekonomiyang Hapones*, salin ni Zeus A. Salazar at Proserpina D. Tapales (Manila: Solidaridad Publishing House, 1990).

⁵⁶ Zeus A. Salazar, *Mga Tula ng Pag-iral at Pakikibaka* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2001).

⁵⁷ Atoy M. Navarro at Alvin D. Campomanes, "Mapanuring Pagsasalang Bayan ng The Aquino Papers na Unang Inilathala sa The Bangkok Post (Pebrero 21-23, 1973)", *Saliksik E-Journal* Tomo 7, Blg. 2 (2018): 83-149.

sa *liberation theology* na isinalin sa Filipino ni Antonio Romualdez.⁵⁸ Ang isa naman ay salin sa Filipino ni Lualhati Bautista ng aklat ng teologong Indones na si Marianne Katoppo, na may pamagat na *Masuyo at Malaya: Teolohiya ng Babaeng Asyano*.⁵⁹ Kapuna-puna na ang nagsalin nito ay hindi isang teologo, kundi isang nobelista. Nagpapahiwatig kaya ito na mas may pakialam pa ang mga nobelista sa pagsasa-Filipino ng teolohiya, kaysa sa mga teologo mismo?

Sa harap ng ganitong mababang pagpapahalaga ng Teolohiyang Pilipino sa pagsasalin magiging kapaki-pakinabang ang Pantayong Pananaw bilang dulog sa pananaliksik. Kung gagamitin ng Teolohiyang Pilipino ang Pantayong Pananaw bilang dulog, magkakaroon ito ng mataas na pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang impukan-kuhanan ng kabuuang kaalaman ng bayan. Magbubunga ito sa Teolohiyang Pilipino ng pagpapahalaga sa pagsasalin bilang akto ng “matalino’t mahinahong panghihiram.” Hindi naman kasi talaga pwedeng ikubli ng Teolohiyang Pilipino ang sarili nito mula sa impluwensya ng samu’t saring teolohiya ng daigdig. Kailangang matuto ng Teolohiyang Pilipino sa Teolohiyang Amerikano, Teolohiyang Mexicano, Teolohiyang Pranses, Teolohiyang Hapon, at iba pa. Ngunit hindi maaaring makuntento na lamang tayo sa pag-aaral ng mga teolohiyang ito gamit ang wikang Ingles, yamang makapagpapalakas lamang ito sa teolohiyang kolonyal at elitista (na hindi nauunawaan at walang saysay sa mas malawak na lipunang Pilipino). Kailangang isalin ang mga banyagang teolohiya sa wikang Filipino upang maipasok ito sa talastasan ng bayan, na siyang magpapasya kung anu-anong aspekto ng mga teolohiyang ito ang may saysay sa ating konteksto.

Eksposisyon ng Kaisipan ng mga Pilipinong Teologo

Isa sa mga payak na sintomas ng kolonyal na mentalidad sa akademya ay ang tendensya ng maraming akademiko na agad-agad mabighani sa mga Kanluraning palaisip. Tila ba marka ng mataas na intelektuwalidad ang kakayahang sumipi ng kaisipan ng mga tanyag

⁵⁸ Hugo Assmann, “Ang Teolohiya ng Pagpapalaya”, salin ni Antonio V. Romualdez, *Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham* Vol. 1, No. 2 (April 1971): 53-61.

⁵⁹ Marianne Katoppo, *Masuyo at Malaya: Teolohiya ng Babaeng Asyano*, salin ni Lualhati Bautista (Manila: Solidarity Foundation, Inc., 1991).

na palaisip ng Kanluran. Animo'y mabilis na mapapabilib ang kausap kapag bigla kang nagbanggit sa kanya ng ngalan nina Hegel, Freud, Durkheim, Braudel, Rousseau, Chomsky, at iba pa. Bagaman kailangan naman talaga sa kanya-kanya nating disiplina ang kaisipan ng mga Kanluraning palaisip, mapapansing kung ikukumpara sa kanila ay mayroon tayong mababang pagpapahalaga sa mga Pilipinong pantas. Makikita ito sa reyalidad na karamihan sa mga estudyante ng iba't ibang disiplina ay mas pamilyar sa pangalan at kaisipan ng mga Kanluraning palaisip kaysa mga Pilipinong pantas. Ang kaisipan ng mga Kanluraning palaisip ay mas madalas na maging paksa ng mga artikulo't aklat, balangkas sa mga tesis/disertasyon, at sipiin sa mga lektura.⁶⁰

Marami sa mga akademiko ng Pantayong Pananaw ay kritikal sa ganitong kalakaran. Halimbawa, sa isang pag-uusap noong Nobyembre 20, 2018, nabanggit namin kay Salazar na noong nag-aaral siya sa Pransya, iyon ang kasagsagan ng kasikatan ni Foucault, at mayroon sana siyang oportunidad na maging unang Pilipino na makapag-uwi sa Pilipinas ng mga kaisipan ni Foucault mula sa Pransya. Ganito ang naging tugon ni Salazar:

Bakit ko dadalhin sina Foucault? Walang alam si Foucault sa Pilipinas, ang kanilang komentaryo ay tungkol sa kalagayang Pranses, sa kalinangang Pranses, sa kulturang Pranses . . . Imbis na i-quote natin ang isang tao na mas alam ang Pilipinas, mas kino-quote natin ang banyaga na napadaan lang dito, nagkomentaryo at yun na ang mas alam nila.⁶¹

Mayroong preperensyal na pagpaprayoridad ang Pantayong Pananaw sa mga Pilipinong pantas kaysa mga banyagang palaisip. Hindi ito dulot ng eksklusibismo (paniniwalang ang dapat lamang pakinggan ay ang mga tagalob at huwag pansinin ang mga tagalabas), bagkus ay

⁶⁰ Para sa aking mas detalyadong pagpapaliwanag ng suliraning ito, tingnan ang Mark Joseph P. Santos, "Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino: Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino ni Emmanuel de Leon", *Dalumag E-Journal* Tomo 7, Blg. 1 (2021): 79-83.

⁶¹ Matatagpuan ang pahayag na ito ni Salazar sa Mark Joseph P. Santos, pat., *Martes sa Escaler II; Pilosopiya ng Kasaysayan, Talakayan ng mga Mag-aaral ng PUP* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019), 43.

usapin ito ng praktikalidad. Tulad nga ng ipinahayag ni Salazar na sinipi sa itaas, malamang na mas alam ng Pilipinong pantas ang reyalidad ng Pilipinas, yamang siya ang nasa Pilipinas at siya ang tuwirang nag-aaral ukol sa lipunang Pilipino. At yamang mas may alam siya sa Pilipinas, mas makabuluhan ang kanyang mga pag-aaral at mga nabuong konsepto ukol sa Pilipinas. Mas may saysay sa Pilipinas ang kanyang kaisipan, kaysa sa ideya ng mga tanyag na Kanluraning palaisip na ang talagang tuon ay ang banyagang lipunang kanilang kinapalooban.

Siyempre, hindi naman ito nangangahulugan na awtomatiko nang walang saysay sa Pilipinas ang kaisipan ng mga banyagang palaisip. Maaaring mangyari na may pagkakatulad ang lipunang Pilipino sa lipunang kinapalooban ng banyagang palaisip, kaya naman ang kanyang pagsusuri sa kanyang lipunan ay maaaring kapulutan ng aral para sa pagpapainam ng lipunang Pilipino. May lugar naman ang ganitong punto sa Pantayong Pananaw, kaya nga nabanggit na mahalaga ang pagsasalin bilang akto ng “matalino’t mahinahong panghihiram.” Gayunman, dahil nga sa ipinamanang kolonyal na kaisipan ng mga mananakop, nakagawian ng maraming akademiko ang pagpaprayoridad sa mga Kanluraning palaisip, nang hindi masusing sinisiyasat kung mas angkop ba ang kaisipan ng mga ito sa kontekstong Pilipino kaysa sa inihahaing kaisipan ng ilang Pilipinong pantas. Samakatuwid, ang tinututulan ng Pantayong Pananaw ay hindi lahat ng pagsipi sa kaisipan ng mga banyagang palaisip, kundi ang labis-labis na pagpaprayoridad sa mga ito.

Dahil sa pagpaprayoridad ng Pantayong Pananaw sa mga Pilipinong pantas, nakalikha ng tradisyon ang ilang tagapagtaguyod ng Pantayong Pananaw na magsagawa ng mga pananaliksik na naghahain ng eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong pantas. Sa hanay ng mga nagpa-Pantayong Pananaw, isa sa pinakaumaatupag nito ay si Atoy Navarro. Ilan sa mga Pilipinong pantas na nagawan na niya ng eksposisyon o pagpapahalaga ay ang mga sikolohistang sina Virgilio

Enriquez⁶² at Rogelia Pe-Pua,⁶³ at mga historyador na sina Zeus Salazar,⁶⁴ Reynaldo Ileta,⁶⁵ at Nilo Ocampo.⁶⁶ Ang ganitong gawain ng eksposisyon ay makatutulong upang mas maunawaan at mas mapahalagahan ang kaisipan ng mga Pilipinong pantas, na makatutulong sa paglalapat ng kanilang mga kaisipan sa lipunang Pilipino.

Sa kaso ng Teolohiyang Pilipino, hindi pa ganoong napapagyaman ang ganitong tradisyon ng pagsasagawa ng eksposisyon ng kaisipan ng mga Pilipinong teologo. Mangilan-ngilan pa lamang ang amatupag sa ganitong proyekto. Isa sa pinakaunang gumawa nito ay si Rodrigo Tano sa kanyang akdang *Theology in the Philippine Setting*.⁶⁷ Sa aklat na ito ay nagsagawa si Tano ng eksposisyon sa kapantasan ng ilang piling Pilipinong teologo tulad nina Carlos Abesamis, Catalino Arevalo, Edicio de la Torre, Emerito Nacpil, at Vitaliano Gorospe. Ang dating pangulo ng Asian Theological Seminary na si Timoteo Gener ay gumawa rin ng kawangis na proyekto, nang maging paksa ng kanyang tesis masterado ang pagsusuri sa kaisipan nina Jose de Mesa at Melba Padilla Maggay.⁶⁸ Si de Mesa at Maggay rin ang naging obheto ng pagsusuri ni Andrea Roldan sa isa niyang artikulo ukol sa

⁶² Atoy M. Navarro, "Ama ng Sikolohiyang Pilipino: Buhay at Kontribusyon ni Virgilio G. Enriquez", *DIWA E-Journal* Tomo 1, Bilang 1 (Nobyembre 2013): 241-248.

⁶³ Atoy M. Navarro, "Pe-Pua, Rogelia", nasa *The Encyclopedia of Cross-Cultural Psychology; Volume II*, pat., Kenneth Keith (Oxford: Wiley-Blackwell Publishing Ltd., 2013), 989-990.

⁶⁴ Atoy M. Navarro, "Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Tagapangunang Paham ng Araling Kabanwahan", nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan*; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar, mga pat., Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Vicente C. Villan (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2015), 253-261.

⁶⁵ Atoy M. Navarro at Adonis L. Elumbre, "Pagpapahalaga kay Prop. Dr. Reynaldo C. Ileta: Paham sa Araling Timog Silangang Asya", *SALIKSIK E-Journal* Tomo 1, Bilang 2 (Setyembre 2012): 189-199.

⁶⁶ Atoy M. Navarro, "Brindis para kay Nilo S. Ocampo: Pagpupugay sa Isang Natatanging *Likasyan at Pangunahing Haligi ng Bagong Kasaysayan*", *SALIKSIK E-Journal* Tomo 7, Bilang 1 (Pebrero 2018): 1-26.

⁶⁷ Rodrigo D. Tano, *Theology in the Philippine Setting: A Case Study in the Contextualization of Theology* (Quezon City: New Day Publishers, 1981).

⁶⁸ Timoteo D. Gener, *Re-Rooting the Gospel in the Philippines: Roman Catholic and Evangelical Approaches to Contextualization* (Masterado sa Sistemang Teolohiya, Institute for Christian Studies, Toronto, Canada, 1998).

pagteteolohiya sa kontekstong Pilipino.⁶⁹ Mayroon ding isang artikulo si Rebecca Cacho na nagpapahalaga sa kapantasang iniwan ni de Mesa (na kanyang *mentor*) sa larangan ng teolohiya.⁷⁰

Tulad ng nabanggit, mangilan-ngilan pa lamang talaga ang ganitong pagpupunyagi sa larangan ng teolohiya. Mas marami pa ring nabibighaning pagtuunan ng pagpapahalaga at eksposisyon ang mga banyagang teologo. Sa hanay ng mga Pilipinong teologo at mga nagmamedyor sa teolohiya, mas madalas pa ring sipiin ang ideya ng mga tanyag na Europeong teologo tulad nina Augustine, Thomas Aquinas, Martin Luther, John Calvin, Karl Barth, Karl Rahner, Rudolf Bultmann, N.T. Wright, at iba pa. Sa kaso halimbawa ng mga Pilipinong Protestante/ Ebanghelikal, mas madalas pa ring basahin at pag-usapan ang akda ng mga Amerikanong teologo tulad nina John Piper, John MacArthur, D.A. Carson, R.C. Sproul, Craig Blomberg, William Lane Craig, Carl F.H. Henry, at marami pang iba. Ayos lang naman na basahin ang mga ito (sa katunayan, isa sa pinakabinabasa kong banyagang teologo si D.A. Carson, na isa sa pinakakilalang Amerikanong pantas ng Araling Bagong Tipan sa kasalukuyan). Tulad ng una nang nabanggit, may lugar naman sa Teolohiyang Pilipino ang impluwensya ng mga banyagang teolohiya kung isasagawa ang proyekto ng pagsasalin. Ngunit ang problema, labis-labis ang pagpaprayoridad sa kanila na nawawalan na ng espasyo sa kamalayan ng mga Pilipinong teologo/nagmamedyor sa teolohiya ang intelektuwal na ambag ng mga Pilipinong teologo. Tiyak na mas maraming teologo o mag-aaral ng teolohiya sa Pilipinas ang pamilyar sa mga Europeo't Amerikanong teologong nabanggit kaysa halimbawa kina Jose de Mesa, Melba Padilla Maggay, Rodrigo Tano, Leonardo Mercado, Dionisio Miranda, at iba pa.

Kung kakasangkapin ang Pantayong Pananaw bilang dulog, maaaring makabuo ang Teolohiyang Pilipino ng tradisyon ng pagsasagawa ng eksposisyon sa kaisipan ng mga Pilipinong teologo. Kailangan naman talaga ito, dahil bagaman maraming matututunan sa kaisipan ng mga Europeo't Amerikanong teologo, 'di hamak na

⁶⁹ Andrea Roldan, "The Gospel in the Filipino Context: José M. de Mesa and Melba P. Maggay," *Mission Round Table* Vol. 13, No. 1 (January-April 2018): 24-30.

⁷⁰ Rebecca G. Cacho, "Ang Hindi Malilimutang Pamanang-Aral ni Ka Jose de Mesa," *Hapag: A Journal of Interdisciplinary Theological Research* Vol. 15, No. 1-2 (2021): 105-113.

mas makabuluhan ang kapantasan ng mga Pilipinong teologo kung ang pag-uusapan ay mga napapanahong isyu sa lipunang Pilipino tulad ng kahirapan, korapsyon, pagkasira ng kalikasan, inhustisyang pangkasarian, paglabag sa karapatang pantao, migrasyon, at marami pang iba. Sa kaso ng mga Europeo't Amerikanong teologo, kailangan pa munang ikonsidera ang lipunang pinagmumulan ng kanilang mga kaisipan, bago maisalin ang mga ito sa kontekstong Pilipino. Taliwas dito, tuwiran nang pinapaksa ng mga Pilipinong teologo ang mga napapanahong isyu sa Pilipinas, kaya mas kagyat ang pangangailangan na pakinggan natin sila.

Panahon na upang sundan ang yapak ni Tano, sa isinagawa niyang eksposisyon sa limang piling teologo. Taong 1981 pa nailimbag ang akdang ito ni Tano, mula sa taong ito hanggang sa kasalukuyan ay napakarami nang iba pang sumibol na mga teologong maaaring pag-ukulan ng eksposisyon. Bukod sa mga nabanggit nang Pilipinong teologo, marami pang ibang pwedeng pag-aralan sa kasalukuyan, tulad na lamang halimbawa ng teolohikal na kaisipan nina Timoteo Gener, Rico Villanueva, Athena Gorospe, Agnes Brazal, Rebecca Cacho, at Emmanuel Serafica de Guzman. Ang kaisipan ng mga ito at iba pang Pilipinong teologo ay maaaring maging paksa ng mga tesis/disertasyon, aklat, artikulo sa mga dyornal, terminong papel, presentasyon sa mga kumperensya, at kahit lektura sa mga klase.

Ilang Mungkahing Proyekto para sa Pagpapaunlad ng Teolohiyang Pilipino

Sa konteksto ng mga naging talakayan sa itaas, maraming mga proyekto at mga praktikal na hakbangin na maaaring isagawa upang mas mapaunlad pa ang Pilipinisasyon ng Teolohiyang Pilipino. Iminumungkahi ko ang mga sumusunod na proyekto:

Una, bumuo ng dyornal na nakatutok sa paglilimbag ng mga artikulo sa Teolohiyang Pilipino. Kung hindi man kaya na purong nasa Filipino, kahit man lamang bilingguwal sana (pero siempre ay mas maganda kung dominante pa rin ang paglalathala sa Filipino sa ganitong uri ng dyornal). Mainam kung nasa anyo ito ng *e-journal*. Mainam ito dahil mas madaling maakses nang libre ng nakararami ang mga pananaliksik kung nasa anyo ng *e-journal*. Isa pang benepisyo nito, mababa ang magiging gastusin para sa paglalathala. Kapag nasa *e-journal*, hindi na

kailangang gumastos sa paulit-ulit na pagpapaimprenta. Hindi na rin kailangang maging masyadong mapagbantay ang mga tagapaglathala sa bilang ng mga pahina ng bawat artikulo, dahil hindi na ito makakaapekto sa presyo ng paglilimbag. Kaya hindi nakapagtataka na sa nagdaang mga taon ay marami nang nagsisulputang mga dyornal sa Pilipinas na nasa wikang Filipino o bilingguwal (tulad ng *Saliksik E-Journal*, *Diwa E-Journal*, *Tala*, *Katipunan*, *Dalumat E-Journal*, *Kritike*, at *Malay*).

Ikalawa, isang estratehikong aksyon kung magsasama-sama ang mga teologo't mag-aaral ng teolohiya na pare-parehong naninindigan para sa higit na Pilipinisasyon ng Teolohiyang Pilipino, at bubuo ng isang pambansang samahan na opisyal na magsusulong nito. Labis na makatutulong ito para sa konsolidasyon ng mga pagpupunyagi ng iba't ibang teologo't nagmamedyor sa teolohiya, upang mas maging malinaw ang direksyon sa hinaharap ng Pilipinisasyon ng Teolohiyang Pilipino. Maraming magagawa ang ganitong pambansang samahan tulad ng pagdaraos ng taunang pambansang kumperensya. Maaaring tipunin ang mga papel mula sa taunang kumperensya at ilathala bilang serye ng mga aklat (tulad ng ginagawa ng Asian Theological Seminary). Maaari ring ang pambansang samahan mismo na ito ang maglathala ng dyornal na tinutukoy ko sa unang mungkahi. Bukod sa mga pambansang kumperensya, maaari ring mag-organisa ang ganitong samahan ng mga okasyunal na palihan (*seminar*) sa samu't saring isyu sa Teolohiyang Pilipino. Sa pagbuo ng ganitong pambansang samahan, maaaring gamiting modelo ng Teolohiyang Pilipino ang ehemplo ng ibang kilusang Pilipinisasyon (tulad ng Bagong Kasaysayan ng Pantayong Pananaw, at Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino ng Sikolohiyang Pilipino). Siyempre ay nariyan na ang Damdaming Katoliko sa Teolohiya (Dakateo), kung saan isa sa mga tagapagtatag ay si Jose de Mesa. Gayunman, marami pa rin sa produksyon ng Dakateo ay nasa wikang Ingles. Bukod rito, karamihan sa mga kasapi nito ay mga Katoliko. Mainam kung bumuo ang mga Protestante/Ebanghelikal ng katulad nito. O baka mas mainam pa rito kung magsasama ang mga Katoliko at Protestante/Ebanghelikal na teologo sa iisang pambansang samahan na magsusulong ng Teolohiyang Pilipino.

Ikatlo, magsama-sama ang mga teologo't nagmamedyor sa teolohiya na may kaalaman sa mga banyagang wika. Maaari silang magplano na maglimbag ng serye ng mga pagsasalin ng mga klasikong

banyagang teolohikal na akda mula sa mga orihinal na wika tungo sa wikang Filipino. Napakaraming akda ang magandang isa-Filipino tulad ng *City of God* ni Augustine, *Institutes of the Christian Religion* ni John Calvin, *Church Dogmatics* ni Karl Barth, *The Pursuit of God* ni A.W. Tozer, *Basic Christianity* ni John Stott, *Waterbuffalo Theology* ni Kosuke Koyama, *Theology of the Pain of God* ni Kazoh Kitamura, *A Theology of Liberation* ni Gustavo Gutierrez, *Exegetical Fallacies* ni D.A. Carson, at iba pa. Makatutulong ang ganitong inisyatiba para sa pag-angkat ng Teolohiyang Pilipino ng kaalaman mula sa samu't saring banyagang teolohiya tulad ng Teolohiyang Pranses, Teolohiyang Aleman, Teolohiyang Amerikano, Teolohiyang Hapon, at marami pang iba. Ang organisasyong mabubuo ng mga teologo na nakatuon sa pagsasalin ay maaaring makipag-ugnayan at makipagtulungan sa iba pang mga ahensya't samahan na may mahaba nang karanasan sa pagsasalin sa wikang Filipino tulad ng Komisyon sa Wikang Filipino at Philippine Bible Society.

Ikaapat, napapanahon na upang bumuo ng diksyunaryo sa wikang Filipino ng mga konseptong teolohikal. Ang nag-iisang alam kong katulad nito ay ang *Mga Kataga sa Teolohiyang Doktrinal* na inilunsad ng Maryhill School of Theology.⁷¹ Ngunit kailangan nang bumuo ng bagong diksyunaryo dahil sa mga sumusunod na kadahilanan: (1) luma na ito, 2001 pa ito nailimbag, at sa nakalipas na dalawang dekada ay napakarami nang bagong katagang teolohikal na nabuo ang mga teologo sa Pilipinas, (2) maiksi lamang ito, binubuo lamang ito ng 37 na pahina, at (3) mga Katolikong teologo ang gumawa nito, siyempre ay mainam na gumawa rin ng kanila ang mga nasa tradisyong Protestante/Ebanghelikal, o maaari rin namang magsama sa paggawa ng diksyunaryong teolohikal ang mga Katoliko't Protestante/Ebanghelikal. Mahalaga ang paglikha ng ganitong diksyunaryo sa Teolohiyang Pilipino. Makakatulong ito sa teologo't nagmamedyor sa teolohiya na nasa yugto pa lamang ng transisyon ng pagkatuto sa pagteteolohiya sa Filipino. Daan din ito upang ang mga bokabularyong teolohikal na iilang teologo lamang ang gumagamit ay magkaroon ng mas malawak na sirkulasyon sa disiplina ng teolohiya.

⁷¹ Emmanuel S. de Guzman, Joselito D. Henson, Reginald D. Cruz, Dennis T. Gonzalez, *Mga Kataga sa Teolohiyang Doktrinal* (Quezon City: Dalubhasaang Teolohiko ng Maryhill, 2001).

Ikalima, tulad ng ginawa ni Rolando Gripaldo sa Pilosopiyang Pilipino, magandang magprodyus ang mga teologo ng kritikal na bibliograpiya ng mga akdang teolohikal sa Pilipinas. Sa kaso ni Gripaldo, naglimbag siya ng isang akda kung saan nakalista ang napakaraming lathalain na naiprodyus sa Pilosopiyang Pilipino ng mga pilosoper ng Pilipinas. Nilapatan niya ng kategorisasyon ang bibliograpiyang ito, sa pamamagitan ng kategorisasyon ng mga akda batay sa paksa (hal. epistemolohiya, etika, pilosopiyang Asyano, pilosopiyang panlipunan, pilosopiyang pulitikal, pilosopiya ng kasaysayan, at iba pa).⁷² Kapakipakinabang kung isasagawa rin ang ganitong proyekto sa Teolohiyang Pilipino. Isa kasing implikasyon nito ay maimamapa ang intelektuwal na produksyon sa Teolohiyang Pilipino sa mga nagdaang dekada. Kapag naisagawa ang ganitong pagmamapa, madaling makikita ng mga teologo kung ano ang mga puwang sa kaalaman na mainam punan, ano ang mga malagong erya na dapat ipagpatuloy, at ano ang mga paksang masyado nang gasgas (kung saan ang atensyong iniuukol dito ay mas dapat nang ilaan sa ibang paksa). Samakatuwid, ang ganitong proyekto ay makatutulong sa higit na pagpapalinaw ng direksyon sa hinaharap ng Teolohiyang Pilipino.

Ikaanim, maging bukas sa paglahok ng mga pantas na mula sa ibang kilusang Pilipinisasyon. Bagaman magkakaiba ng pinagtutuunang disiplina ang mga kilusang Pilipinisasyon (kasaysayan sa kaso ng Pantayong Pananaw, teolohiya sa Teolohiyang Pilipino, sikolohiya sa Sikolohiyang Pilipino, atbp.), nagkakatatagpo-tagpo silang lahat sa Pilipinas bilang iisang pook. Lahat sila ay naglalayong maging makabuluhan ang sari-sarili nilang disiplina para sa lipunang Pilipino. Kaya hindi nakapagtatakwang natural na kalakaran sa mga kilusang Pilipinisasyon ang pagtawid ng mga larangan. Halimbawa, si Atoy Navarro na isa sa pangunahing proponente ng Pantayong Pananaw ay nagsulat din ng mga akda sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino. Si Leonardo Mercado naman, na kilalang tagapagtaguyod ng Pilosopiyang Pilipino, ay isa sa mga kasaping tagapagtatag ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP). Tulad ni Mercado, si Salazar na ama ng Pantayong Pananaw ay kasaping tagapagtatag din ng PSSP. Ang ama naman ng Sikolohiyang Pilipino na si Virgilio Enriquez ay nagsulat din ng akda ukol sa Teolohiyang Pilipino. Kaya makabuluhan kung magiging

⁷² Rolando M. Gripaldo, *Filipino Philosophy: A Critical Bibliography, 1774-1997*, 2nd Edition (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2000).

bukas ang Teolohiyang Pilipino sa mga tulong at pakikilahok na magmumula sa ibang kilusang Pilipinisasyon (halimbawa, kolaborasyon sa paglilimbag ng mga aklat at pag-oorganisa ng mga kumperensya). Magandang tularan dito ang asal na mababanaag sa minsang ipinahayag ni Enriquez: masyadong mahalaga ang Sikolohiyang Pilipino para iwan lang sa mga sikolohista.⁷³ Gayundin, masyadong mahalaga ang Teolohiyang Pilipino para ipagkatiwala lamang sa mga teologo. Kailangan ng mga teologo ng tulong ng ibang mga dalubhasa para sa higit na pagpapayabong ng Teolohiyang Pilipino.

Ikapito, may maiaambag din sa higit na Pilipinisasyon ng Teolohiyang Pilipino ang personal nating mga inisyatiba tulad ng pagtuturo sa teolohiya sa silid-aralan gamit ang wikang Filipino. Bukod sa mahahasa nito ang pagteteolohiya ng mismong guro sa wikang Filipino, makatutulong din ito sa unti-unting paghubog ng mga estudyanteng may sapat na kasanayan sa Filipino. Batay sa sariling karanasan, isa sa mga epektibong estratehiya para mahimok ang mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino ay magbigay ng karagdagang grado para sa lahat ng isusumite na nakasulat sa Filipino (terminong papel man, panunuring-aklat, reaksyong papel, sanaysay, at iba pa). Bagaman bahagyang pagpupunyagi lamang ang ganitong mga personal na pagkilos, kung mas maraming guro/propesor sa teolohiya ang magsisimula ng ganitong gawain, higit na lalago ang pagsasa-Filipino ng mga paaralang teolohikal.

PAGTATAPOS

Higit na magiging mabunga ang Teolohiyang Pilipino kung lalapatan ito ng Pantayong Pananaw. Higit na uusad ang paggamit nito ng mga dalumat na nagmumula sa kulturang Pilipino, at uunlad rin ang Pilipinisasyon ng wika nito. Makatutulong ito sa proyekto ng pagsasalin o pagsalok ng Teolohiyang Pilipino mula sa kaalaman ng iba't ibang teolohiya ng daigdig. Magiging daan din ito sa pagpaprayoridad sa kaisipan ng mga Pilipinong teologo, sa pamamagitan ng pagbuo ng tradisyon ng pagsasagawa ng eksposisyon sa kaisipan ng ating mga sariling pantas. Kung tutuusin, preliminaryo lamang itong mga naibahagi. Marami pang ibang pakinabang na maaaring makuha ng

⁷³ Virgilio G. Enriquez, *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1992).

Teolohiyang Pilipino kung kakatig ito sa isang “pantayong dulong” sa pagteteolohiya, tungo sa pagpapaunlad ng isang Teolohiyang Pilipino na tunay na may saysay sa lipunang Pilipino.

SANGGUNIAN

- Acoba, E. “A Locus for Doing Theologies: Theological Stories at the Front Lines of Grassroots Missions Engagement.” *Nasa Doing Theology in the Philippines*, pat. John Suk, 24-36. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2005.
- Andrade, Moises B. “Pananaliksik Tungo sa Teolohiyang Pilipino.” *Malay* 5, no. 1 (1986): 50-57.
- Arevalo, Catalino. “On the Theology of the Signs of the Times.” *Landas* 25 (2011): 5-22.
- Asian Theological Seminary. *Naming the Unknown God*. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2006.
- Assmann, Hugo. “Ang Teolohiya ng Pagpapalaya”. Salin ni Antonio V. Romualdez. *Katipunan: Dyurnal ng Panlipunang Sining at Agham* 1, no. 2 (April 1971): 53-61.
- Baggio, Fabio, at Agnes M. Brazal, mga pat. *Faith on the Move: Toward a Theology of Migration in Asia*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2008.
- Bevans, Stephen B. *Models of Contextual Theology*, Revised and expanded edition, Faith and Cultures Series. Manila: Logos Publications Inc., 2003.
- Bonifacio, Bob. “Ang Pagtuturo ng Teolohiya sa Wikang Filipino.” *Philippine Journal of Linguistics* 19, no. 2 (December 1988): 95-101.
- Brazal, Agnes M., at Andrea Lizares Si, mga pat. *Body and Sexuality: Theological-Pastoral Perspectives of Women in Asia*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2007.

- Cacho, Rebecca G. "Ang Hindi Malilimutang Pamanang-Aral ni Ka Jose de Mesa." *Hapag: A Journal of Interdisciplinary Theological Research* 15, no. 1-2 (2021): 105-113.
- Claver, Francisco F. "People Power and Value Transformation: A Faith Perspective." *Nasa Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon*, pat. Douglas Elwood, 49-61. Quezon City: New Day Publishers, 1988.
- De Guzman, Emmanuel S., Joselito D. Henson, Reginald D. Cruz, at Dennis T. Gonzalez. *Mga Kataga sa Teolohiyang Doktrinal*. Quezon City: Dalubhasaang Teolohiko ng Maryhill, 2001.
- De la Torre, Edicio. *Touching Ground, Taking Root: Theological and Political Reflections on the Philippine Struggle*. Quezon City: Socio-Pastoral Institute, 1986.
- De Mesa, Jose M. *Mga Aral sa Daan: Dulong at Paraang Kultural sa Kristolohiya*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2004.
- De Mesa, Jose M. *Jose M. de Mesa: A Theological Reader*. Manila: De La Salle University Publishing House, 2016.
- De Mesa, Jose M. *We Dare to Say, Our Father: Theology and Spirituality of the 1593 Version of the Ama Namin*. Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2019.
- De Mesa, Jose M. Estela P. Padilla, Levy L. Lanaria, Rebecca C. Cacho, Yuri D. Cipriano, George N. Capaque, at Timoteo D. Gener. *Ang Maganda sa Teolohiya*. Quezon City: Claretian Communications Foundation, 2017.
- Elwood, Douglas, pat. *Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon*. Quezon City: New Day Publishers, 1988.
- Enriquez, Virgilio. "Ang Pagsasakatutubo ng Teolohiyang Pilipino." *Malay* 5, no. 1 (1986): 58-69.
- Enriquez, Virgilio G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1992.

- Gener, Timoteo D., at Adonis Abelard Gorospe, mga pat. *The Earth is the Lord's: Reflections on Stewardship in the Asian Context*. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2008.
- Gener, Timoteo D. "Re-Rooting the Gospel in the Philippines: Roman Catholic and Evangelical Approaches to Contextualization". *Masterado sa Sistematikong Teolohiya*. Institute for Christian Studies, Toronto, Canada, 1998.
- Gener, Timoteo D. "I Heard a Voice Speaking... in the Hebrew Tongue: Pauline Insights on Mission and Vernacularizing the Faith." *Nasa The Gospel in Culture: Contextualization Issues through Asian Eyes*, pat. Melba Padilla Maggay, 57-75. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2013.
- Gonzales, Andrew. "Pagninilay-nilay: Ano ang Teolohiyang Pilipino? Panimulang Pananalita." *Malay* 5, no. 1 (1986): 1-2.
- Gripaldo, Rolando M. *Filipino Philosophy: A Critical Bibliography, 1774-1997*. 2nd ed. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2000.
- Guillermo, Ramon. "Exposition, Critique, and New Directions for Pantayong Pananaw." *Kyoto Review of Southeast Asia* 3 (March 2003).
- Guillermo, Ramon. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2009.
- Headland, Thomas N. "Introduction: A Dialogue between Kenneth Pike and Marvin Harris on Emics and Etics". *Nasa Emics and Etics: The Insider/Outsider Debate*, *Frontiers of Anthropology* Volume 7, mga pat. Thomas N. Headland, Kenneth L. Pike, at Marvin Harris, 13-27. Newbury Park: Sage Publications, 1990.
- Jens, Walter. *Pagguho ng Troya*. Salin ni Zeus A. Salazar. Maynila: Kalikasan Press, 1989.
- Jose, Mary Dorothy dL. "Women Heroism in Philippine History." *Historical Bulletin* 38 (2005): 55-70.

- Katoppo, Marianne. *Masuyo at Malaya: Teolohiya ng Babaeng Asyano*. Salin ni Lualhati Bautista. Manila: Solidarity Foundation, Inc., 1991.
- Kunio, Yoshihara. *Pag-unlad ng Ekonomiyang Hapones*. Salin nina Zeus A. Salazar at Proserpina D. Tapales. Manila: Solidaridad Publishing House, 1990.
- Maggay, Melba Padilla. *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics*. Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2004.
- Maggay, Melba Padilla. *Living Faithfully in a Multicultural World*. Mandaluyong: OMF Literature Inc., 2018.
- Maggay, Melba Padilla, pat. *To Be in History: Dark Days of Authoritarianism*. Carlisle, UK: Langham Global Library, 2019.
- Maggay, Melba Padilla, Rey B. Corpuz, at Miriam Adeney. *Raja Sulaiman was no Carabao: Understanding the Muslim Question*. Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2001.
- Marx, Karl, at Friedrich Engels. *Manifesto ng Partido Komunista*. Salin ni Zeus Salazar. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2000.
- Mercado, Leonardo N. *Dialogue and Faith: A Philippine View*. Manila: Logos Publications, Inc., 2009.
- Navarro, Atoy M. "Ama ng Sikolohiyang Pilipino: Buhay at Kontribusyon ni Virgilio G. Enriquez." *DIWA E-Journal* Tomo 1, Bilang 1 (Nobyembre 2013): 241-248.
- Navarro, Atoy M. "Pe-Pua, Rogelia." Nasa *The Encyclopedia of Cross-Cultural Psychology* Volume II, pat. Kenneth Keith, 989-990. Oxford: Wiley-Blackwell Publishing Ltd., 2013.
- Navarro, Atoy M. "Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Tagapangunang Paham ng Araling Kabanwahan". Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga pat. Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Vicente C. Villan, 253-261. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2015.

- Navarro, Atoy M. "Brindis para kay Nilo S. Ocampo: Pagpupugay sa Isang Natatanging Likasyan at Pangunahing Haligi ng Bagong Kasaysayan." *SALIKSİK E-Journal* Tomo 7, Bilang 1 (Pebrero 2018): 1-26.
- Navarro, Atoy M. "Pagpopook sa Pakikipagkapwa ng Etika ng Pananaliksik Pangkalusugan sa Pilipinas." *Nasa Social Sciences, Health, and Ethics: Papers Celebrating Cristina E. Torres*, mga pat. Mary Dorothy dL. Jose, Atoy M. Navarro, at Jerome A. Ong, 109-126. Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines-Manila, 2019.
- Navarro, Atoy M., at Adonis L. Elumbre. "Pagpapahalaga kay Prop. Dr. Reynaldo C. Iletto: Paham sa Araling Timog Silangang Asya." *SALIKSİK E-Journal* Tomo 1, Bilang 2 (Setyembre 2012): 189-199.
- Navarro, Atoy M., at Alvin D. Campomanes. "Mapanuring Pagsasalang Bayan ng The Aquino Papers na Unang Inilathala sa The Bangkok Post (Pebrero 21-23, 1973)." *Saliksik E-Journal* Tomo 7, Blg. 2 (2018): 83-149.
- Navarro, Atoy M., Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, at Vicente C. Villan. "Pambungad ng mga Patnugot." *Nasa Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan. Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, pat. Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel at Vicente C. Villan, 1-10. Quezon City: Bagong Kasaysayan. 2015.
- Olive, James L. "Reflecting on the Tensions Between Emic and Etic Perspectives in Life History Research: Lessons Learned." *Forum: Qualitative Social Research* 15, no. 2 (May 2014).
- Peñalosa, Ma. Carmen V. "The Origins and Rise of Philippine Political Corruption: On the Diversion of *Kaginhawaang Bayan* by the Elite during the Spanish and American Regimes and its Lasting Impact on Philippine Politics and Administration." *Historical Bulletin* 51 (2017): 93-137.
- Ringma, Charles R., Karen Hollenbeck-Wuest, at Athena O. Gorospe, mga pat. *God at the Borders: Globalization, Migration and Diaspora*. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2015.

- Ringma, Charles R., Karen Hollenbeck-Wuest, at Athena O. Gorospe, mga pat. *Why, O God? Disaster, Resiliency, and the People of God*. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2017.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Muhon ng Kilusang Pilipinisasyon sa Akademya [Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino]." Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan. Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga pat. Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel at Vicente C. Villan, 140-157. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2015.
- Roldan, Andrea. "The Gospel in the Filipino Context: José M. de Mesa and Melba P. Maggay." *Mission Round Table* 13, no. 1 (January-April 2018): 24-30.
- Salazar, Zeus A. "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan." Nasa *Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya, at Pananaliksik*, mga pat. Violeta V. Bautista at Rogelia Pe-Pua, 46-72. Maynila: Kalikasan Press, 1991.
- Salazar, Zeus A. "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino." Nasa *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, mga pat., Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza, 19-46. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.
- Salazar, Zeus A. *Ang 'Real' ni Bonifacio bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas*, Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, Lathalain Blg. 1. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1997.
- Salazar, Zeus A. "Ang Pagtuturo ng Kasaysayan sa Pilipino." Nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan; Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, mga pat. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997.
- Salazar, Zeus A. *Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa*, Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas, Lathalain Blg. 5. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1999.

- Salazar, Zeus A. *Mga Tula ng Pag-iral at Pakikibaka*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2001.
- Salazar, Zeus A., pat. *Sikolohiyang Panlipunan-at-Kalinangan: Panimulang Pagbabalangkas ng Isang Larangan*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2004.
- Santos, Mark Joseph P., pat. *Martes sa Escaler II; Pilosopiya ng Kasaysayan, Talakayan ng mga Mag-aaral ng PUP*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019.
- Santos, Mark Joseph P. "Ginhawa, Hanapbuhay, Himagsikan: Tungo sa Isang Pilipinong Pagdadalumat ng Katarungang Panlipunan/Katuwirang Bayan." *Tala* 3, no. 1 (June 2020): 58-79.
- Santos, Mark Joseph P. *19 Rebyu Kontra COVID-19: Kalipunan ng mga Panunuring-aklat sa Agham Panlipunan, Teolohiya, at Panitikan*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2021.
- Santos, Mark Joseph P. "Mga Tomasino sa Pilosopiyang Pilipino: Ang Intelektuwal na Pamana ng mga Pangunahing Tomasinong Pilosoper sa Kasaysayan ng Pamimilosopiyang Filipino ni Emmanuel de Leon." *Dalumat E-Journal* Tomo 7, Blg. 1 (2021): 79-83.
- Santos, Narry F. *Turning Shame into Honor: Transformation of the Filipino HIYA in the Light of Mark's Gospel*. Philippines: LifeChange Publishing, Inc., 2003.
- Spengler, Oswald. "Ang Pag-aaral ng Kasaysayang Pandaigdig". Salin ni Zeus A. Salazar. *Nasa Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, pat. Zeus A. Salazar, 38-57. Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974.
- Tano, Rodrigo D. *Theology in the Philippine Setting: A Case Study in the Contextualization of Theology*. Quezon City: New Day Publishers, 1981.
- Tano, Rodrigo D. "Developing Filipino Leaders for Theological Schools." *Nasa Theological Education in the Philippine Context*, pat. Lee Wanak, 83-95. Manila: Philippine Association of Bible and Theological Schools at Mandaluyong: OMF Literature Inc., 1993.

- Tesoro Dindo Rei M., at Joselito Alviar Jose. *The Rise of Filipino Theology*. Pasay City: Paulines Publishing House, 2004.
- Timbreza, Florentino T. "Pagsasakatutubo at ang Katutubong Teolohiya." *Malay* 5, no. 1 (1986): 15-18.
- Velazco, Gundelina. "Ang Hermeneutika ng Damdamin sa Pantayong Pananaw ng Pag-iisip na Bukal." *Malay* Tomo 12, Blg. 1 (1994): 111-130.
- Vengco, Sabino A. "Ang Teolohiyang Pilipino sa Kasalukuyan at sa Hinaharap." *Malay* 5, no. 1 (1986): 7-14.
- Villanueva, Rico. "My God, My God, Why Have You Forsaken Me? 'Christology Amid Disasters'". Nasa *Christologies, Cultures, and Religions: Portraits of Christ in the Philippines*, mga pat. Pascal D. Bazzell at Aldrin Peñamora, 78-86. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asia Theological Association, 2016.
- Villanueva, Rico. *Lord, I'm Depressed: The Lament Psalms & Depression*. Mandaluyong: OMF Literature Inc., 2019.
- Villan, Vicente C., at Kristoffer R. Esquejo, mga pat. *Pangangayaw: Ang Pangingibang-Bayan at Paghahanap ng Ginhawa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*. Quezon City: ADHIKA ng Pilipinas Inc., 2021.
- Wanak, Lee, pat. *The Church and Poverty in Asia*. Mandaluyong: OMF Literature Inc., at Quezon City: Asian Theological Seminary, 2008.

HINGGIL SA MAY AKDA

Nagtapos si MARK JOSEPH PASCUA SANTOS ng Bachelor of Arts in History, *cum laude* (2015) at Postbaccalaureate in Teacher Education (2017), kapwa mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, at Master of Divinity sa Manila Theological College (2021). Nakapaglathala ng mga artikulo at panunuring-aklat sa mga akademikong dyornal tulad ng *Saliksik E-Journal*, *Dalumat E-Journal*, *TALA*, *Talastasan*, at *Historical Bulletin*. May-akda ng aklat na *19 REBYU KONTRA COVID-19: Kalipunan ng mga Panunuring-aklat sa Agham Panlipunan, Teolohiya, at Panitikan*, at patnugot ng aklat na *Martes sa Escaler* at *Martes sa Escaler II*. Nakasentro ang interes ng kanyang pananaliksik sa *indigenization movements* o Pilipinisasyon sa akademya tulad ng Pantayong Pananaw at Teolohiyang Pilipino. Nagturo siya sa PUP Departamento ng Kasaysayan mula 2016 hanggang 2019, at sa Departamento ng Agham Panlipunan at Humanidades ng Centro Escolar University mula 2020 hanggang 2023. Kasalukuyan siyang Lecturer sa Departamento ng Filipino ng De La Salle University-Manila.